



## Unang Pagbasa: Isaia 50:4-9a

### Ebanghelyo: Mateo 26:14-25

At pumunta sa mga punong-pari ang isa sa Labindalawa, ang tinatawag na Judas Iskariote, at sinabi: "Magkano ang ibibigay ninyo sa akin kung ibibigay ko siya sa inyo?" Inalok nila ito ng tatlungpung baryang pilak, at mula noon, naghanap ito ng pagkakataong maipagkanulo siya. Sa unang araw ng Piyesta ng Tinapay na Walang Lebadura, lumapit kay Jesus ang mga alagad at sinabi sa kanya: "Saan mo kami gustong maghanda ng Hapunang Pampaskuwa para sa iyo?" Sumagot si Jesus: "Puntahan ninyo ang lalaking ito sa lunsod at sabihin sa kanya: 'Sinababi ng Guro: malapit na ang oras ko at sa bahay mo ako magdiriwang ng Paskuwa kasama ng aking mga alagad'."

At ginawa ng mga alagad ang lahat ng iniutos ni Jesus at inihanda ang Paskuwa.

Pagkalubog ng araw, nasa hapag si Jesus kasama ng Labindalawa. Habang kumakain sila, sinabi ni Jesus: "Talagang sinasabi ko sa inyo: ipagkakanulo ako ng isa sa inyo." Lubha silang nalungkot at nagtanong ang bawat isa: "Ako ba, Panginoon?"

Sumagot siya: "Ang kasabay kong nagsaw-saw ng tinapay sa plato ang magkakanulo sa akin. Patuloy sa kanyang daan ang Anak ng Tao ayon sa isinulat tungkol sa kanya ngunit kawawa ang nagkakanulo sa Anak ng Tao; mas mabuti pa para sa taong ito kung hindi na siya ipinanganak pa." Nagtanong din si Judas na magkakanulo sa kanya: "Ako ba, Guro?" Sumagot si Jesus: "Ikaw na ang nagsabi."

DATE OF ESTABLISHMENT: 1997, San Isidro Labrador Parish, Bagong Silangan

### Pagmamaisid

Kapag may utos ang aking pinuno, sa pamilya, simbahan, o pamayanan, sinusunod ko ba ito nang may kababaang-loob at pananampalataya? O pinipili ko lamang ang mga utos na madali o kaaya-aya sa akin?

### Paghahawi

Ginawa ng labindalawang apostol ang lahat ng iniutos ni Jesus, at inihanda ang Hapunang Pamaskuwa.

### Pagtatabas

Anong mga bagay ang maaring humadlang sa atin para sundin ang lahat ng iniutos ng Panginoong Jesus? Takot ba tayo na mawala ang mga ito, kung sundin natin ang pinagagawa sa atin?

### Pagsasaayos

Kung nais nating pagkatiwalaan tayo ng ating pinuno, nararapat lang na sundin ang lahat ng inutos niyang mabuti. Tiwala at pananampalataya ang sandata natin, upang matupad ang ipinagagawa ng Panginoong Jesus sa atin. Sa gayon, maihahanda ang ating sarili sa pagharap sa anumang sitwasyon. Ipanalangin natin na samahan tayo ng Panginoong Jesus sa bawat gawaing iniaatang sa atin.

### Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa bawat pagkakataon at tiwala na ibinibigay Ninyo sa amin upang gawin ang utos Ninyo. Patuloy Niyong patibayin ang aming pananampalataya at pagtitiwala sa Inyo.

## HUWEBES SANTO

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Puti)

Salmo 116:12-13, 15-16bk, 17-18

*Sa kalis ng pagbabasbas  
si Kristo ang tinatangap.*



Huwebes  
02 ABRIL

### I. PAGMIMISANG MAY PAGBABASBAS NG LANGIS:

Unang Pagbasa: Isaías 61:1-3a, 6a, 8b-9  
Salmo 89:21-22, 25 at 27

*Pag-ibig mong walang maliw  
ay lagi kong sasambitin.*

Ikalawang Pagbasa: Pagbubunyag 1:5-8  
Ebanghelyo: Lucas 4:16-21

### II. PAGMIMISA SA PAGTATAKIPSILIM SA PAGHAHAPUNAN NG PANGINOON:

Unang Pagbasa: Exodo 12:1-8, 11-14

Ikalawang Pagbasa: 1 Corinto 11:23-26

Ebanghelyo: Juan 13:1-15\*

(...) Ngayon, bago magpiyesta ng Paskuwa, alam ni Jesus na dumating na ang kanyang oras para tumawid mula sa mundong ito tungo sa Ama, sa pagmamahal niya sa mga sariling kanya na nasa mundo, minahal niya sila hanggang kaganapan.

Naghahapunan sila at naisilid na ng diyablo sa kalooan ni Judas na anak ni Simon Iskariote na ipagkanulo siya. Alam naman ni Jesus na ipinagkaloob ng Ama sa kanyang mga kamay ang lahat, at mula sa Diyos siya galing at sa Diyos siya pabalik.

Kaya tumindig siya mula sa hapunan at hinubad ang panlabas na damit, at pagkakuha ng tuwalya ay ibinigkis sa sarili. Pagkatapos ay nagbuhos siya

ng tubig sa hugasan, at sinimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad at punasan ng tuwalyang nakabigkis sa kanya. Nang lumapit siya kay Simon Pedro, sinabi nito sa kanya: "Panginoon, ikaw ba ang maghuhugas sa aking mga paa?" Sumagot si Jesus: "Hindi mo alam ngayon ang ginagawa ko pero mauunawaan mo makaraan ang mga ito."

Sinabi sa kanya ni Pedro: "Hinding-hindi mo kailanman huhugasan ang aking mga paa." Sumagot si Jesus sa kanya: "Kung hindi kita huhugasan, hindi ka makababahagi sa akin." Sinabi sa kanya ni Simon Pedro: "Panginoon, hindi lamang ang mga paa ko kundi pati na ang mga kamay at ulo." Sinabi sa kanya ni Jesus: "Mga paa lamang ang kailangang hugasan ng naligo na dahil malinis na ang buo niyang sarili. Malinis nga kayo pero hindi lahat." Alam ni Jesus ang magkakanulo sa kanya. Dahil dito kaya niya sinabing: "Hindi lahat kayo'y malinis."

Kaya nang mahugasan niya ang kanilang mga paa, kinuha niya ang kanyang panlabas na damit at bumalik sa hapag, at sinabi niya sa kanila: "Nauunawaan n'yo ba ang ginawa ko sa inyo? Tinatawag n'yo akong 'Guro' at 'Panginoon.' At tama ang pagsasabi ninyo: ako nga. Kaya kung hinugasan ko ang inyong mga paa, akong Panginoon at Guro, gayundin kayo dapat maghugasan ng mga paa ng isa't isa. Isang halimbawa ang ibinigay ko sa inyo upang gawin din ninyo gaya ng ginawa ko sa inyo.

PARISH FIESTA: San Pedro calungsod Mission Area

DATE OF ESTABLISHMENT: 1997, Parokya ng Ina ng Laging Saklolo

#### Pagmamasiid

Paano ako itinuturing ng aking pinuno o guro? Ako ba'y tinatratong nang may malasakit, at kababaang-loob?

#### Paghahawi

Paliwanag ni Jesus sa mga alagad: "Kaya, kung hinugasan ko ang inyong mga paa, akong Panginoon at Guro, gayundin kayo dapat maghugasan ng mga paa ng isa't isa. Isang halimbawa ang ibinigay ko sa inyo upang gawin din ninyo gaya ng ginawa ko sa inyo."

#### Pagtatabas

Kung isa ako sa mga alagad na hinugasan ni Jesus, na aming Panginoon at Guro, mapapahalagahan ko ba ang ginawa Niya at magagawa ang aral Niya rito?

#### Pagsasaayos

Pinapaalala sa atin ng Simbahan ngayong Huwebes Santo ang diwa ng mapaglingkod na pamumuno. Sa kulturang Judio, gawain ng isang alipin, isang mababang uri ng paglilingkod ang paghuhugas ng paa, Ginagawa ito sa mga bisita bilang tanda ng paggalang, lalo na't maalikabok ang mga daan at sandalyas ang karaniwang sapin sa paa.

Ngunit si Jesus, ang Panginoon at Guro, ang Siyang humugas ng paa ng Kanyang mga alagad. Sa kilos na ito, binago Niya ang pananaw sa pamumuno at pagtuturo: hindi ito tungkol sa kapangyarihan, kundi sa kababaang-loob at pag-ibig. Ipinakita Niya na handang yumuko ang tunay na guro upang paglingkuran ang tinuturuan, at handang magpakababa upang itaas ang iba.

#### Pagdiriwang

Ama, bigyan Niyo kami ng mapagmahal na pusong tulad ng kay Inang Maria, at tulad din ng mga pastol na niluluwalhati at pinupuri Kayo sa magandang pangyayari sa aming buhay.



## BIYERNES SANTO SA PAGPAPAKASAKIT NG PANGINOON

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Pula)

Araw ng pag-aayuno (edad 18-59) at abstinensya  
sa pagkain ng karne (edad 14 pataas).

**Salmo 31:2, 6, 12-13, 15-16, 17, 25**

*Ama, sa mga kamay mo  
habilin ko ang buhay ko.*

**Unang Pagbasa: Isaías 52:13—53:12**

**Ikalawang Pagbasa:**  
**Hebreo 4:14-16; 5:7-9**

**Ebanghelyo: Juan 18:1—19:42\***

(...) Nang muling lumabas si Pilato, sinabi niya sa mga Judio: "Narito't inilabas ko siya sa inyo upang malaman n'yong wala akong matagpuang krimen sa kanya." Kaya lumabas si Jesus, suot ang tinikang korona at ang kapang pulang-panghari. Sinabi sa kanila ni Pilato: "Hayan ang Tao!"

Kaya nang makita siya ng mga punong-pari at mga bantay, nagsigawan sila: "Ipako sa krus! Ipako sa krus!" sinabi sa kanila ni Pilato: "Kunin n'yo siya at kayo ang magpako sa krus dahil wala akong matagpuang krimen sa kanya." Sumagot sa kanya ang mga Judio: "May Batas kami at ayon sa Batas ay dapat siyang mamatay sapagkat ginawa niyang Anak ng Diyos ang kanyang sarili."

Nang marinig ni Pilato ang salitang ito'y lalo siyang natakot. Pumasok siyang muli sa palasyo at tinanong si Jesus: "Tagasaan ka ba?" Wala namang isinagot si Jesus sa kanya. Kaya sinabi sa kanya ni Pilato: "Hindi ka ba makikipag-

usap sa akin? Hindi mo ba alam na may kapangyarihan akong palayain ka at may kapangyarihan ding ipapako ka sa krus?" Sumagot si Jesus: "Wala kang anumang kapangyarihan sa akin kung hindi ito ibinigay sa iyo mula sa itaas. Kaya mas mabigat ang kasalanan ng nagpaubaya sa akin sa iyo." (...)

Paghahanda noon ng Paskuwa, magtatanghaling-tapat ang oras. sinabi niya sa mga Judio: "Hayan ang inyong Hari!" Kaya nagsigawan ang mga iyon: "Alisin, alisin, ipako siya sa krus!" Sinabi sa kanila ni Pilato: "Ipapako ko ba sa krus ang inyong Hari?" Sumagot ang mga punong-pari: "Wala kaming hari liban sa Cesar." Kaya noo'y ipinaubaya siya ni Pilato sa kanila upang ipako sa krus.

Kinuha nila si Jesus. Siya mismo ang nagpasan ng krus at lumabas tungo sa lugar ng kung tawagi'y Pook ng Bungo, na sa Hebreo'y Golgotha. Doon nila siya ipinako sa krus, at kasama niya ang dalawang iba pa sa magkabila, nasa gitna naman si Jesus.

Ipinasulat din ni Pilato ang karatula at ipinalagay sa krus. Nasusulat: Jesus na taga-Nazaret, ang Hari ng mga Judio. (...)

**BIRTHDAY:** Rev. Fr. Joseph Nguyen Ngoc Son, ICM

### **Pagmamasid**

Maituturing kaya akong makatotohanan? Sa harap ng mga hamon, paninindigan, at opinyon ng nakararami naninindigan ba ako sa katotohanan, o tahimik na lamang upang makaiwas sa gulo?

### **Paghahawi**

Sagot ni Jesus kay Pilato: "Sinabi mong hari nga ako. Para dito ako isinilang, at dahil dito, kaya ako dumating sa mundo: upang magpatunay sa katotohanan. Nakikinig sa tinig ko ang bawat makatotohanan."

### **Pagtatabas**

Tulad ba ako ni Pilato na takot mawalan ng kapangyarihan, kaya susundin ang nais ng nakararami, kahit alam kong mali ito?

### **Pagsasaayos**

Sa harap ng kapangyarihan ni Pilato, hindi umatras si Jesus. Hindi Siya nakipagtalo, ngunit matatag Niyang ipinahayag ang Kanyang misyon: ang magpatotoo sa katotohanan. Sa katahimikan ng Kanyang paghihirap, naroon ang lakas ng paninindigan.

Naparito si Jesus para sa katotohanan. Bilang tagasunod Niya, nararapat lang na gawin ko kung ano ang tama at totoo, at huwag magpadala sa mga sinasabi ng iba o nakakarami.

### **Pagdiriwang**

Panginoong Jesus, inialay Niyo ang Inyong buhay, upang panindigan ang katotohanan. Nawa magsilbi itong halimbawa sa amin, upang buong tapang sundin lagi ang Inyong kalooban.

## SABADO NG LUWALHATI PAGDIRIWANG SA PASKO NG MULING PAGKABUHAY

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Puti)

Salmo 118:1-2, 16-17, 22-23

Alaluya! Alaluya! Alaluya!



Sabado  
**04** ABRIL

**Unang Pagbasa: Genesis 1:1—2:2**

(o Genesis 1:1, 26-31a)

Salmo 104:1-2, 5-6, 10, 12, 13-14, 24, 35

(o Salmo 33:4-5, 6-7, 12-13, 20-22)

**Ikalawang Pagbasa: Genesis 22:1-18**

(o Genesis 22:1-2, 9a, 10-13, 15-18)

Salmo 16:5, 8, 9-10, 11

**Ikatlong Pagbasa: Exodo 14:15—15:1**

Exodo 15:1-2, 3-4, 5-6, 17-18

**Ikaapat na Pagbasa: Isaías 54:5-14**

Salmo 30:2, 4, 5-6, 11-12, 13

**Ikalimang Pagbasa: Isaías 55:1-11**

Isaías 12:2-3, 4, 5-6

**Ikaanim na Pagbasa: Baruc 3:9-15, 32—4:4**

Salmo 19:8, 9, 10, 11

**Ikapitong Pagbasa: Ezekiel 36:16-17a, 18-28**

Salmo 42:3, 5; 43:3, 4 (o Isaías 12:2-3, 4bkd, 5-6

o Salmo 51:12-13, 14-15, 18-19)

**Sulat: Roma 6:3-11**

**Ebanghelyo: Mateo 28:1-10**

**K**inahapunan ng Araw ng Pahinga, sa paglabas ng unang bituin, sa unang araw ng sanlinggo, pumunta sa libingan si Maria Magdalena at ang isa pang Maria para tingnan ang libingan. Walang

anu-ano'y lumindol nang malakas at bumaba mula sa langit ang Anghel ng Panginoon at nilapitan ang bato, pinagulong ito at naupo roon. Parang kidlat ang kanyang mukha at simputi ng niyebe ang kanyang damit. Nanginig naman sa takot ang mga bantay at naging parang mga patay.

Sinabi ng Anghel sa mga babae: "Huwag kayong matakot; alam kong hinahanap ninyo si Jesus na ipinako sa krus. Wala siya rito; binuhay siya ayon sa kanyang sinabi. Tingnan ninyo ang lugar na pinaglibingan sa kanya. Pumunta kayo agad ngayon at sabihin sa kanyang mga alagad na muli siyang nabuhay at mauuna sa inyo sa Galilea. Makikita ninyo siya roon. Ito ang mensahe ko sa inyo."

Agad nilang iniwan ang libingan na natatakot at labis na nagagalak, at tumakbo sila para balitaan ang kanyang mga alagad.

Nakasalubong nila sa daan si Jesus at sinabi niya: "Kapayapaan." Paglapit sa kanya ng mga babae, niyakap nila ang kanyang mga paa at sinamba siya. Sinabi naman ni Jesus sa kanila: "Huwag kayong matakot. Humayo kayo at sabihin sa aking mga kapatid na pumunta sila sa Galilea; doon nila ako makikita."

### SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Wilfredo F. Estraza, CP

Rev. Fr. Bienvenido Luke D. Dobles

Rev. Fr. Romeo B. Auditor, CM

### Pagmamasisid

Ano ang tingin ko sa kababaihan? Mababa sa kalalakihan o katuwang nila? Sa aking pamilya, komunidad, at ministeryo—paano ko pinapahalagahan ang kanilang dignidad at gampanin?

### Paghahawi

Pumunta sa libingan si Maria Magdalena at ang isa pang Maria para tingnan ang libingan ni Jesus... Nakasalubong nila sa daan si Jesus at sinabi Niya: "Kapayapaan... Huwag kayong matakot. Humayo kayo at sabihin sa aking mga kapatid na pumunta sila sa Galilea; doon nila ako makikita."

### Pagtatabas

Nais ko rin ba na ang kababaihan sa aming pamilya at angkan maging tulad nina Maria Magdalena at kasamang babae?

### Pagsasaayos

Noong panahon ni Jesus, kadalasang nasa laylayan ng lipunan ang mga kababaihan. Ngunit sa Gabi ng Pagkabuhay, sila ang unang pinagpakitaan ng Panginoon. Ipinakita Niya na hindi nakabatay sa kasarian, ang misyon kundi sa puso na handang tumugon.

May mahalagang gampanin ang mga kababaihan sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita, sa pamilya, simbahan, at lipunan. Bilang tagasunod ni Kristo, tinatawag tayong kilalanin, igalang, at bigyang halaga ang kanilang dignidad at misyon. Sa muling pagkabuhay ni Jesus, muling binuhay din ang papel ng kababaihan bilang katuwang sa pananampalataya.

### Pagdiriwang

Ama, nawa mabigyan ang kababaihan ng nararapat na dignidad at respeto sa buong mundo, pati na ang pagpapalaganap ng pananampalataya para sa Inyong kaluwalhatian.


# Ang Pasko ng Muling Pagkabuhay

Ang Pagmimisa sa Pagtataksilim sa Paghahapunan ng Panginoon sa araw ng Huwebes Santo bago ang Pasko ng Pagkabuhay ay nagpapasimula sa *Easter Triduum* o ang Tatlong Araw ng Pagpapakasakit at Pagkamatay ni Kristo (Biyernes Santo), Paglilibing (Sabado ng Luwalhati), at ang Muling Pagkabuhay (Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay). Ang *Easter Triduum* ay ang pinakamataimtim na pagdiriwang sa taon ng liturhiya sa tuwing ginugunita natin ang Misteryo Paskuwal kung saan tayo ay nakikibahagi sa pamamagitan ng Binyag at Banal na Eukaristiya. Ang pagpapanibago ng mga pangako sa Binyag sa Bihilya ng Pasko ng Pagkabuhay at sa lahat ng Misa sa Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay ay nagtatapos sa pagdaraos ng Kuwaresma. Ang pagwiwisik ng banal na tubig at ang mga nakasinding kandila sa ating mga kamay ay pumupukaw sa pinakamahalagang sandali sa ating buhay: ang ating Binyag nang inako tayo ng Diyos bilang kanyang mga anak.

Ang kagalakan sa Muling Pagkabuhay ng ating Panginoon ay dumadaloy hanggang sa susunod na limampung araw ng Panahon ng Pasko ng Pagkabuhay hanggang sa Linggo ng Pentekostes. Ang pag-awit ng Aleluya at ang pagsindi ng Kandila ng Paskuwal ay pinapanatiling buhay ang taimtim at di malilimitang pagdiriwang ng Bihilya ng Pasko ng Pagkabuhay. Ang mga pagbasa at paunang salita sa Bibliya ay nagpapaalala sa atin na ang muling nabuhay na Kristo ay tuwina'y naroroon sa piling natin at nakilala natin Siya sa ipinahayag na salita at sa paghahati ng tinapay, ang Eukaristiya.

Dalawang mga mahahalagang kapistahan ang nagpapamalas sa iba pang mga aspeto ng Muling Pagkabuhay ni Kristo: ang Pag-akyat sa Langit at ang Pentekostes o Pagpanaog ng Banal na Espiritu. Pagkaraan ng apatnapung araw ay umakyat si Kristo sa langit dala kasama Niya ang natubos na sangkatauhan. Sa mundong inapi ng paghihirap, ang Pag-akyat sa Langit ay bumubuhay sa ating pag-asa na ang kalangitan ay ang huli nating hantungan.

Nakaupo sa kanang kamay ng Ama, ipinadala ni Jesukristo ang Banal na Espiritu sa Simbahan sa araw ng Pentekostes. Sa araw na ito, isinugo ng Espiritu Santo ang mga apostol sa buong mundo upang ipangaral ang ebanghelyo at magbinyag. Ang Pentekostes ay ang ruok ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo. Umakyat siya sa langit upang ipadala ang Espiritu Santo na magpapatuloy sa atin nang gawain ng kaligtasan na kanyang sinimulan. Nabubuhay tayo sa panahon ng Banal na Espiritu. Maituturing na ang Sakramento ng Kumpil bilang ang sarili nating Pentekostes; dahil sa pamamagitan nitong sakramento, pinahiran tayo ng Banal na Espiritu upang humayo at ipahayag sa salita at mabuting halimbawa ang ebanghelyo ni Kristo.



Kung ibinangon nga kayong kasama ni Kristo, hanapin ninyo ang mga bagay sa itaas; naroon si Kristong nakaluklok sa kanan ng Diyos. Isipin ninyo ang mga mula sa itaas, hindi ang mga makalupa. Namatay kayo, at sa Diyos natatago ang inyong buhay kasama ni Kristo. Sa pagpapakita kay Kristong buhay natin, ipakikita rin kayong kasama niya sa kaluwalhatian.

**Ebanghelyo: Juan 20:1-9  
(o Mateo 28:1-10 o Lucas 24:13-35)**

**N**gayon, pagkatapos ng Araw ng Pahinga, habang madilim pa, maagang pumunta sa libingan si Maria Magdalena, nang makita niyang tanggal ang bato mula sa libingan, patakbo siyang pumunta kay Simon Pedro at sa isa pang alagad na mahal ni Jesus. Sinabi niya sa kanila: “May kumuha sa Panginoon mula sa libingan, at hindi namin alam kung saan nila siya inilagay.”

Kaya lumabas si Pedro at ang isa pang alagad, at pumunta sa libingan. Sabay na tumakbo ang dalawa. Ngunit mas mabilis tumakbo kay Pedro ang isa pang alagad, at unang nakarating sa libingan. Pagkayuko niya’y nakita niyang nakalatag ang mga telang linen pero hindi siya pumasok.

Dumating namang kasunod niya si Simon Pedro, at pumasok sa libingan. Napansin niya ang mga telang linen na nakalatag, at ang panyo namang nakatalukbong sa ulo niya ay di kasama sa mga telang linen na nakalatag kundi hiwalay na nakabilot sa mismong lugar nito. Pumasok noon ang isa pang alagad, ang unang nakarating sa libingan, at nakita niya at siya’y naniwala. Sapagkat hindi pa nila alam ang Kasulatan na kailangan siyang magbangon mula sa mga patay.



“May kumuha sa Panginoon mula sa libingan, at hindi namin alam kung saan nila siya inilagay.”

**BIRTHDAY:** Rev. Fr. Antonio E. Labiao, Jr.

**Pagmamasid**

Kapag may nakita akong di ko inaasahan, pinag-iisipan ko bang maigi kung ano ang nangyari at kahulugan nito?

**Paghahawi**

Pagkayuko ng kasama ni Pedro na isa pang alagad, nakita nito ang nakalatag na mga telang linen sa loob ng libingan, pero hindi ito pumasok. Naniwala ito na kailangan bumangon si Jesus mula sa mga patay.

**Pagtatabas**

Kung ako ang kasama ni Pedro, ano ang ibig sabihin nang nakalatag mga telang linen sa loob ng libingan? Alam ko na ibinalot yun sa katawan ni Jesus nang inilibing Siya.

**Pagsasaayos**

Sa pagkalatag ng mga telang ibinalot sa yumaong Jesus, maayos ang paglisan ni Jesus. Kung naalala ng alagad ang sinabi ni Jesus na mabubuhay Siya sa ikatlong araw, alam niya na natupad ito. Ang muling pagkabuhay ni Jesus, tanda ng Kanyang tagumpay sa kamatayan, isang pahiwatig ng pagningning ni Jesus na nasilayan ng tatlong apostol sa bundok.

**Pagdiriwang**

Ama, nagbibigay pag-asa sa amin at nagpapatibay ng aming pananampalataya sa Inyo ang muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus at tagumpay Niya sa kamatayan.

Lunes  
ABRIL  
06



## LUNES, OKTABA NG PASKO NG PAGBUHAY

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Puti)

**Salmo 16:1-2a at 5, 7-8, 9-10, 11**  
*D'yos ko, ang aking dalangi'y  
ako'y iyong tangkilikin.*

### Unang Pagbasa: Mga Gawa 2:14, 22-33\*

#### Ebanghelyo: Mateo 28:8-15

**A**gad nilang iniwan ang libingan na nata-  
takot at labis na nagagalak, at tumakbo  
sila para balitaan ang kanyang mga alagad.

Nakasalubong nila sa daan si Jesus at  
sinabi niya: "Kapayapaan." Paglapit sa kanya  
ng mga babae, niyakap nila ang kanyang  
mga paa at sinamba siya. Sinabi naman ni  
Jesus sa kanila: "Huwag kayong matakot.  
Humayo kayo at sabihin sa aking mga  
kapatid na pumunta sila sa Galilea; doon  
nila ako makikita."

Samantalang pabalik ang mga babae,  
nagbalik naman sa lunsod ang ilang mga  
bantay at ibinalita sa mga punong-pari ang  
lahat ng nangyari. Nakipag-usap naman ang  
mga ito sa mga Matatanda ng bayan kaya  
kumuha sila ng sapat na halaga at ibinigay  
sa mga sundalo, at tinagubilingan silang "Sa-  
bihin ninyong dumating nang gabi ang kan-  
yang mga alagad at ninakaw ang katawan  
habang natutulog kayo. Kung mabalitaan ito  
ng gobernador, kami ang bahala sa kanya at  
hindi kayo magkakaproblema." Tinanggap  
ng mga sundalo ang pera at ginawa ang  
itinuro sa kanila; at laganap pa hanggang  
ngayon ang kuwentong ito sa mga Judio.

**BIRTHDAY:** Rev. Fr. Erickson A. Laguna, AM

#### Pagmamasid

Masisilaw ba ako sa perang kapalit ng pagkalat ko ng maling balita tungkol sa isang kilalang kapwa?

#### Paghahawi

Ang mga matatanda ng bayan nagbigay ng pera sa mga sundalong nagbantay sa libingan ni Jesus. Binilinan silang sabihin na ninakaw ng mga alagad ni Jesus ang katawan Niya, habang natutulog sila...Tinanggap ng mga sundalo ang pera at ginawa ang itinuro sa kanila. Laganap hanggang ngayon ang kuwentong ito sa mga Judio.

#### Pagtatabas

Maiwasan ko bang gayahin ang mga sundalong nagkalat ng maling balita tungkol kay Jesus, kapalit ng salapi?

#### Pagsasaayos

Sa bawat misyon sa buhay, kailangan ang gabay ng Espiritu Santo, upang maihayag at magawa nang buong tapang ang katotohanan. Laging iwasan ang manlinlang ng kapwa, na kung minsan pinaniniwalaan totoo nang mahabang panahon.

#### Pagdiriwang


Ama, sa bawat misyon na aming gagawin, patuloy nawang gabayan kami ng Espiritu Santo, upang maisagawa ang tama at katotohanan.

## MARTES, OKTABA NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Puti)

Salmo 33:4-5, 18-19, 20 at 22

*Awi't pag-ibig ng Diyos sa sangkalupaa'y lubos.*



Martes  
**07** ABRIL

### Unang Pagbasa: Mga Gawa 2:36-41

Dahil dito, alaming mabuti ng buong Israel na ginawa ng Diyos na Panginoon at Kristo ang Jesus na ito na ipinako ninyo."

Nang marinig ito ng mga naroon, lubhang nabagabag ang kanilang kalooban, at sinabi nila kay Pedro at sa ibang mga apostol: "Ano ang gagawin namin, mga kapatid?" Sumagot si Pedro: "Magsisi kayo, at pabinyag ang bawat isa sa Ngalan ni Jesucristo upang mapatawad ang inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob na Espiritu Santo. Sapagkat para sa inyo at sa inyong mga anak ang pangako, at sa lahat ng nasa malayo na tatawagin din ng Panginoon nating Diyos."

Nagpatuloy siyang magbigay-patotoo sa iba pang pananalita at hiniling sa kanila: "Iligtas ninyo ang inyong sarili sa masamang lahing ito." Kaya bininyagan ang mga tumanggap sa sinabi ni Pedro. Mga tatlong libo ang nadagdag sa kanilang bilang nang araw na iyon.

### Ebanghelyo: Juan 20:11-18

**N**akatayo namang umiiyak sa labas si Maria sa may libingan. Sa kanyang pag-iyak, yumuko siyang nakatanaw sa libingan. At may napansin siyang dalawang anghel na nakaputi na nakaupo, isa sa may ulunan at isa sa may paanan ng pinaglagyan sa katawan ni Jesus.

Sinabi sa kanya ng mga iyon: "Ale, bakit ka umiiyak?" Sinabi niya sa kanila: "May kumuha sa Panginoon ko, at hindi ko alam kung saan siya inilagay." Pagkasabi niya nito, tumalikod siya at napansin niya si Jesus na nakatayo pero hindi niya nakilalang si Jesus iyon.

Sinabi sa kanya ni Jesus: "Ale, bakit ka umiiyak? Sino'ng hinahanap mo?" Sa pag-aakala niyang iyon ang hardinero, sinabi niya sa kanya: "Ginoo, kung kayo ang nagdala sa kanya, sabihin n'yo sa akin kung saan n'yo siya inilagay at kukunin ko siya."

Sinabi sa kanya ni Jesus: "Maria!" Pagkaharap niya'y sinabi niya sa kanya sa Aramaiko: "Rabbouni!" (na ibig sabihi'y Guro). Sinabi sa kanya ni Jesus: "Huwag kang humawak sa akin sapagkat hindi pa ako nakaaakyat sa Ama. Puntahan mo ang mga kapatid ko at sabihin sa kanila: 'Paakyat ako sa Ama ko at Ama ninyo, sa Diyos ko at Diyos ninyo.'"

Pumunta si Maria Magdalena na ibinabalita sa mga alagad: "Nakita ko ang Panginoon." At sinabi niya ang mga sinabi sa kanya."

### PARISH FIESTA:

Jesus, Lord of the Divine Mercy Parish, Hobart | Jesus, Lord of Divine Mercy Parish, Mapayapa

#### Pagmamasisid

Ang tawag mo rin ba sa magulang ng iyong matalik na kaibigan, Tatay o Nanay?

#### Paghahawi

Bilin kay Maria Magdalena ni Jesus na sabihin sa mga kapatid Niya: "Paakyat ako sa Ama ko at Ama ninyo, sa Diyos ko at Diyos ninyo."

#### Pagtatabas

Napupuspos ka ba ng galak sa sinabi ni Jesus kay Maria Magdalena? Bakit?

#### Pagsasaayos

Ang malapit na ugnayan sa kaibigan nagiging tulad ng magkapatid sa isang pamilya. Ipinakita rin ni Jesus na ang buhay natin, hindi nagtatapos sa mundong ito. Umakyat siya sa piling ng Ama, na kinilala Niyang Ama rin natin. Ang Diyos Niya, Diyos din natin.

Itinuring tayong mga kapatid Niya sa iisang Ama at Diyos. Napakataas ang turing sa atin ng Panginoon Jesus, tayo na nilalang ng Ama na kawangis Niya. Inaanyayahan din tayong hangarin na makapiling ang Diyos Ama natin sa Kanyang kaharian.

#### Pagdiriwang

Ama, salamat sa paalala ni Jesus na kapatid Niya kaming lahat, at hindi nagtatapos ang aming buhay sa mundong ito. Hangad Niyong makapiling kaming lahat sa Inyong kaharian.

# Miyerkules

## ABRIL 08



### MIYERKULES, OKTABA NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Puti)

Salmo 105:1-2, 3-4, 6-7, 8-9

*D'yos ay dapat parangalan ng banal n'yang sambayanan.*

### Unang Pagbasa: Mga Gawa 3:1-10

#### Ebanghelyo: Lucas 24:13-35

Nang araw ring iyon, dalawa sa mga alagad ang naglalakad pa-Emmaus na isang nayong mga labinlimang kilometro mula sa Jerusalem. Pinag-uusapan nila ang mga nangyari. Sa kanilang pag-uusap at pagtatalakayan, lumapit si Jesus at nakisabay sa paglakad nila pero parang may kung anong hadlang sa kanilang mga mata at hindi nila siya nakilala. Tinanong niya sila: “Ano ba ang pinag-uusapan ninyo sa daan?” Tumigil silang mukhang malungkot. Sumagot ang isa sa kanila na nagngangalang Cleofas: “Bakit, mukhang ikaw lang ang kaisa-isahan sa Jerusalem na di alam ang mga nangyari roon nitong mga ilang araw?”

Itinanong niya: “Ano?” Sumagot sila: “Tungkol kay Jesus na taga-Nazaret. Sa paningin ng Diyos at ng buong baya’y isa siyang propetang makapangyarihan sa gawa at salita. Ngunit isinakdal siya ng aming mga punong-pari at mga pinuno para mahatulang mamatay at ipinako siya sa krus. Umaasa pa naman kaming siya ang tutubos sa Israel ngunit ikatlong araw na ngayon mula nang mangyari ang lahat ng ito. Sa totoo’y ginulat kami ng ilang babaeng kasama namin. Maaga silang pumunta sa libingan pero hindi nila nakita ang kanyang katawan kaya dumating sila at sinabi sa amin na nakakita pa raw sila ng aparisyon ng mga anghel na nagsabi sa kanila na

buhay siya. Nagpunta rin sa libingan ang ilan sa amin at natagpuan nga nila ang sinasabi ng mga babae pero hindi nila siya nakita.”

Sinabi sa kanila ni Jesus: “Mga hindi maka-unawa at mapupurok ang isip para maniwala sa lahat ng ipinahayag ng mga propeta. Di ba’t kailangang magdusa nang ganito ang Mesiya bago pumasok sa kanyang Luwalhati?” At sinimulan niyang ipaliwanag sa kanila ang lahat ng sinasabi ng Kasulatan tungkol sa kanya, mula kay Moises hanggang sa lahat ng Propeta.

Nang malapit na sila sa nayong pupuntahan nila, parang magpapatuloy pa siya ng paglakad. Pero pinilit nila siya: “Manatili kang kasama namin dahil dapithapon na at lumulubog na ang araw.” Kaya pumasok siya at sumama sa kanila. Nang nasa hapag na siyang kasalo nila, kumuha siya ng tinapay, nagpuri at piniraso ito at ibinigay sa kanila. At noo’y nabuksan ang kanilang mga mata at nakilala nila siya, at nawala siya sa kanilang paningin. Nag-usap sila: “Hindi ba’t nag-aalab ang ating puso nang kinakausap niya tayo sa daan at ipinaliliwanag sa atin ang mga Kasulatan?”

Noon di’y tumayo sila at nagbalik sa Jerusalem. Nakita nila roon na magkakasama ang Labing-isa at ang iba nilang kasamahan. Sinabi ng mga iyon sa kanila: “Totoo ngang binuhay ang Panginoon at napakita siya kay Simon.” At isinalaysay naman nila ang nangyari sa daan at kung paano nila siya nakilala sa pagpipiraso ng tinapay.

#### Pagmamasid

Ano ang mas gusto mong gawin, maglakad nang mag-isa o may kasama?

#### Paghahawi

Sa kanilang pag-uusap at pagtatalakayan, lumapit si Jesus, at nakisabay sa paglakad nila, pero parang may kung anong hadlang sa kanilang mga mata, at hindi nila siya nakilala.

#### Pagtatabas

Nararamdaman ko ba ang presensiya ng Diyos sa aking paglalakbay espirituwal?

#### Pagsasaayos

Inilunsad ng Simbahang Katolika noong 2024 ang sinodal na paglalakbay. Katulad ito ng dalawang malungkot na alagad na pauwi sa Emaus mula Jerusalem pagkatapos ng pagkamatay ni Jesus. Nabuhayan ang kanilang loob at nag-alab ang kanilang puso nang sinamahan sila ni Jesus sa daan, at ipinaliwanag ang Kasulatan, bagamat hindi nila nakilala Siya.

Masayang may kasabay sa paglalakbay pabalik sa Ama, lalo na kung ang mapagmahal, maawain, at mapagmalasakit na si Jesus ang ating kasama. Hindi tayo mawawala. Manatiling banal at maligaya tayo sa piling Niya, anumang hadlang ang haharapin natin.

#### Pagdiriwang


Ama, nawa lagi naming kasama ang mabubuting kaibigan, lalo na ang Panginoong Jesus, sa paglalakbay naming pabalik sa Inyo.

## HUWEBES, OKTABA NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Puti)

**Salmo 8:2ab at 5, 6-7, 8-9**

*Maningning ang iyong ngalan.  
Poon, sa sangkalupaan.*



*Huwebes*  
**09** ABRIL

### Unang Pagbasa: Mga Gawa 3:11-26

#### Ebanghelyo: Lucas 24:35-48

**A**t isinalaysay naman nila ang nangyari sa daan at kung paano nila siya nakilala sa pagpipiraso ng tinapay.

Habang pinag-uusapan nila ang mga ito, tumayo siya mismo sa gitna nila (at sinabi sa kanila: “Huwag kayong matakot, sumainyo ang kapayapaan!”). Nagulat nga sila at natakot, at akala’y nakakakita sila ng kung anong espiritu. Ngunit sinabi niya sa kanila: “Bakit kayo naliligalig at pumapasok ang alinlangan sa inyong isipan? Tingnan ninyo ang aking mga kamay at mga paa, ako nga siya. Hipuin ninyo ako at unawain ninyo na walang laman at mga buto ang isang espiritu, at nakikita ninyo na meron ako.” (Matapos masabi ito, ipinakita niya sa kanila ang kanyang mga kamay at paa.)

Hindi sila makapaniwala sa labis na galak at nagtataka pa rin kaya sinabi niya sa kanila: “May makakain ba kayo rito?” At binigyan nila siya ng isang pirasong inihaw na isda (at pulot-pukyutan). Kinuha niya iyon at kumain sa harap nila.

Sinabi niya sa kanila: “Sinabi ko na sa inyo ang mga ito nang kasama ninyo ako: kailangang matupad ang lahat ng nasusulat tungkol sa akin sa Batas ni Moises, Mga Propeta at Mga Salmo.”

At binuksan niya ang kanilang isipan para maunawaan nila ang mga Kasulatan. Sinabi niya: “Ganito ang nasusulat: kailangang magdusa ang Mesiya at pagkamatay niya’y buhayin sa ikatlong araw. Sa ngalan niya ipahahayag sa lahat ng bansa ang pagsisisi at ang kapatawaran ng mga kasalanan – sa Jerusalem kayo magsisimula. Kayo ang magiging mga saksi sa mga ito.

DATE OF ESTABLISHMENT: 1998, Sto. Niño De Congreso Parish

#### Pagmamasisid

May natutunan ka ba sa buhay na nais mong ibahagi sa maraming kapwa, dahil nakabuti ito sa iyo, at naniniwala kang makakabuti rin ito sa kanila?

#### Paghahawi

Paliwanag ni Jesus na nasa Kasulatan na sa ngalan Niya, ipahahayag sa lahat ng bansa, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan. Sa Jerusalem, magsisimula ito. Ang mga alagad ang magiging saksi nito.

#### Pagtatabas

Ihahayag mo ba, sa ngalan ni Jesus, ang pagsisisi at kapatawaran ng kasalanan? Bakit?


#### Pagsasaayos

Mahalaga ang taimtim na pagsisisi, upang makamtan ang kapatawaran ng Diyos. Sa ngalan ni Jesus, matutupad ang ating kahilingan.

Mabuting agad-agad magsisi sa ating kasalanan araw-araw. Humingi ng kapatawaran sa Ama, sa ngalan ni Jesus. Ibahagi sa maraming kapwa, na ito, isang daan pabalik sa Ama. Hindi natin alam ang araw at oras ng huling sandali ng ating buhay.

#### Pagdiriwang

Ama, sa ngalan ng Panginoong Jesus, nawa makapagsisi ako sa aking kasalanan, at maging matapang na saksi sa kapwa ng kabutihan Niyo, bago ako lumisan sa mundo.



# *Biyernes* ABRIL **10**

## **BIYERNES, OKTABA NG PASKO NG PAGKABUHAY**

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Puti)

**Salmo 118:1-2 at 4, 22-24, 25-27a**

*Batong dating tinanggiha'y  
siya pang nagging saligan.*

### **Unang Pagbasa: Mga Gawa 4:1-12**

#### **Ebanghelyo: Juan 21:1-14**

**P**agkaraan ng mga ito, muling ibinunyag ni Jesus ang sarili sa mga alagad sa may Dagat ng Tiberias. Ganito ang kanyang pagbubunyag.

Magkasamang naroon sina Simon Pedro, Tomas na tinaguriang Kambal, Natanael na taga-Cana ng Galilea, ang mga anak ni Zebedeo, at dalawa pa sa mga alagad niya. Sinabi sa kanila ni Simon Pedro: "Aalis ako para mangisda." Sinabi nila sa kanya: "Sasama kami sa iyo."

Lumabas sila at sumakay sa bangka nang gabing iyo'y wala silang nahuli.

Nang madaling-araw na, nakatayo si Jesus sa dalampasigan pero hindi nakilala ng mga alagad na si Jesus iyon. Tinatawag sila ni Jesus: "Mga bata, wala ba kayong isda?" Sumagot sila sa kanya: "Wala!" Kaya sinabi niya sa kanila: "Ihagis n'yong ang lambat sa bandang kanan ng bangka at makakatagpo kayo." Kaya inihagis nga nila at hindi na nila makayang hilahin iyon dahil sa dami ng isda.

Kaya sinabi kay Pedro ng alagad na iyon na mahal ni Jesus: "Ang Panginoon siya!" Nang marinig ni Simon Pedro na ang Panginoon iyon, ibinigkis niya ang [kanyang] damit dahil hubad siya, at saka tumalon sa dagat. Dumating namang sakay ng maliit na bangka ang iba pang mga alagad pagkat hindi sila kalayuan mula sa pampang kundi mga sandaang metro lamang. Hila-hila nila ang lambat ng mga isda.

At pagkalunsad sa lupa, nakita nilang may nagbabagang uling doon, na pinagiihawan ng isda, at may tinapay.

Sinabi sa kanila ni Jesus: "Magdala kayo mula sa mga isdang nahuli n'yong ngayon." Kaya sumakay si Simon Pedro at hinila sa pampang ang lambat na puno ng sanda't limampu't tatlong malalaking isda. At kahit na napakarami'y hindi napunit ang lambat.

Sinabi sa kanila ni Jesus: "Halikayo't magalmusa!" Walang makapangahas sa mga alagad na mag-usisa sa kanya: "Sino ba kayo?" dahil alam nilang ang Panginoon iyon. Lumapit si Jesus at kumuha ng tinapay at ipinamahagi sa kanila. Gayundin sa isda.

Ito ngayon ang ikatlong pagbubunyag ni Jesus sa mga alagad matapos siyang ibangon mula sa mga patay.

**BIRTHDAY:** Rev. Fr. Carlos L. Aldema

#### **Pagmamasiid**

Gaano mo kakilala ang itinatangi mong kaibigan?

#### **Paghahawi**

Sinabi kay Simon Pedro ng alagad na minamahal ni Jesus: "Ang Panginoon iyon." Nang marinig ni Pedro na ang Panginoon iyon, nagsuot siya ng damit, at saka lumusong sa tubig.

#### **Pagtatabas**

Tulad ni Pedro, makilala ko rin ba ang Panginoong Jesus na lumalapit sa akin?

#### **Pagsasaayos**

Maaring habang buhay ang pagkakakilanlan sa isang itinatanging kaibigan. Maraming pagkakataon na dumarating ang Panginoon sa atin, ngunit marahil hindi natin Siya nakikilala, maliban na lamang siguro, kung may pinagkakatiwalaan tayong magsabi ang Panginoon iyon.

Makilala natin ang Panginoong Jesus sa pag-aaral ng Kanyang mga salita at kilos sa Bagong Tipan ng Bibliya. May mga pinagpapala na nakilala Siya sa taimtim na pakikipag-usap sa Kanya sa panalangin. Pinagpapala rin tayo kung nakikita natin Siya sa bawat kapwang nakikilala.

#### **Pagdiriwang**


Panginoong Jesus, maraming salamat sa mabubuting taong tumutulong upang mas higit Kayo naming makilala.

## SABADO, OKTABA NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Puti)

Salmo 118:1 at 14-15ab, 16-18, 19-21

*Pinupuri kita, D'yos ko pagkat ako'y dininig mo.*



*Sabado*  
**11** ABRIL

### Unang Pagbasa: Mga Gawa 4:13-21

Namangha sila sa katatagang ipinamalas nina Pedro at Juan, lalo pa't mga karaniwang tao lamang sila at walang pinag-aralan. At nakilala nila na nakasama ni Jesus ang mga ito. Pero nakita nilang nakatindig sa tabi nina Pedro at Juan ang lalaking pinagaling, kaya wala tuloy silang masabi.

At pinalabas muna nila ang mga ito habang nagpupulong ang mga pinuno ng konseho. At nagtanungan sila: "Ano ang gagawin natin sa mga taong ito? Alam sa buong Jerusalem na nakagawa sila ng malaking himala at hindi natin ito mapasisinungalingan. Ngunit kailangang matigil ang paglaganap ng bagay na ito, kaya dapat natin silang pagsabihan na huwag nang magsalita pa ng anuman tungkol sa Pagliligtas na ito."

Tinawag nilang muli ang mga ito at pinagsabihang huwag nang magsasalita pa o magtuturo sa Ngalan ni Jesus. Ngunit sumagot sina Pedro at Juan: "Kayo mismo ang humatol kung matuwid sa paningin ng Diyos ang sumunod sa inyo at hindi sa Diyos. Hindi namin puwedeng hindi ipahayag ang aming nakita at narinig."

Binalaan silang muli ng konseho, at saka pinalaya. Wala nga silang maisip na paraan para parusahan ang mga ito, sapagkat nagpupuri sa Diyos ang lahat dahil sa nangyari.

### Ebanghelyo: Marcos 16:9-15

*P*agkabuhay ni Jesus sa unang araw ng sanlinggo, una siyang napakita kay Maria Magdalena na mula rito'y pitong demonyo ang pinalayas niya. Umalis ito at nagbalita sa mga kasama ni Jesus na noo'y umiiyak at nagluluksa. Ngunit hindi sila naniwala sa kanya nang marinig nilang buhay si Jesus at napakita sa kanya.

Pagkatapos nito, napakita naman si Jesus sa ibang anyo sa dalawa sa kanila habang papunta sila sa labas ng bayan. At pagbalik nila, ibinalita rin nila ito sa iba pa pero hindi rin naniwala ang mga ito sa kanila.

Sa dakong huli, nang nasa hapag ang Labing-isa, napakita sa kanila si Jesus at pinagsabihan sila dahil sa kawalang-paniwala nila at katigasan ng puso: hindi nga nila pinaniniwalaan ang mga nakakita sa kanya matapos siyang buhayin.

At sinabi sa kanila: "Pumunta kayo sa buong daigdig at ipahayag ang ebanghelyo sa buong sangkinapal.

#### Pagmamasiid

Naranasan ko na bang hindi paniwalaan ang isang totoong mabuting balita? Bakit?

#### Paghahawi

Nagpunta si Maria Magdalena sa mga alagad ni Jesus, upang ibalita na buhay at nakita niya Siya. Ngunit, ayaw nilang maniwala sa sinabi ni Maria.

#### Pagtatabas

Kung isa ako sa mga alagad ni Jesus, hindi rin ba ako maniniwala na buhay at nakita Siya ni Maria Magdalena?

#### Pagsasaayos

Minsan hindi natin mapaniwalaan ang tolong mabuting balita tulad ng pagkabuhay muli ng isang tao, dahil himala ito. Maraming pekeng balita rin sa Internet ngayon. Kailangan makita ng mga alagad si Jesus na muling nabuhay, tulad nang nakita ni Maria Magdalena.

Kaya nagpakita si Jesus sa mga apostol, nagpakita ng Kanyang mga sugat, at sinabayan silang kumain. Ang pagkabuhay muli ni Jesus, isang haligi ng ating pananampalatayang Katoliko.

#### Pagdiriwang

Panginoong Jesus, nawa, makatulong kami sa pagpapalaganap ng totoong mabuting balita ng muling pagkabuhay Niyo.



**IKA-2 LINGGO NG  
PASKO NG PAGKABUHAY**

*(Linggo ng Dakilang Awa ng Diyos)*  
**Salteryo: Linggo 2 / (Puti)**

**Salmo 118:2-4, 13-15, 22-24**  
*Butiing Poo'y purihin,  
pag-ibig n'y'a'y walang maliw.*

**Unang Pagbasa: Mga Gawa 2:42-47**

Nanatili silang matapat sa aral ng mga apostol, sa pagsasamahan, sa paghahati ng tinapay, at sa pananalangin.

Naghari ang pitagan sa lahat ng tao; at maraming kababalaghan naman at tanda ang ginawa ng mga apostol.

May iisang diwa ang lahat ng sumasam-palataya at inari nilang para sa lahat ang lahat. Ipinagbili nila ang kanilang mga ari-arian at lahat ng meron sila, at pinaghati-hatian ang pinagbilhan ayon sa panganga-ilangan ng bawat isa.

Araw-araw silang nagsasama-sama nang matagal sa Templo, at sa kanilang mga tahanan din sa paghahati ng tinapay; buong galak at katapatan ng puso silang kumakain.

Pinupuri nila ang Diyos at iginalang sila ng lahat, at araw-araw ay may idinadagdag ang Panginoon sa bilang ng mga naliligtas.

**Ikalawang Pagbasa: 1 Pedro 1:3-9**

Purihin ang Diyos na Ama ni Jesucristong Panginoon dahil sa laki ng kanyang awa! Sa pagbuhay muli kay Jesucristo, isinilang niya tayo at pinaasa sa buhay – ang pamanang nakalaan sa inyo sa langit na walang kamatayan, panghahawa o pangungupas. Sapagkat iniingatan kayo ng pananampalataya sa tulong ng kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasang mabubunyag sa huling panahon. Ito ang dahilan ng inyong galak, magdalamhati man kayo nang panandalian ngayon sa iba't ibang pagsubok. Sa gayon sinusubok ang inyong pananampalataya

na parang ginto sa pugon. Mahalaga pa ang pananampalataya kaysa lumilipas na ginto at nagdadala iyon sa inyo ng papuri, kaluwalhatian at karangalan sa pagpapakita ni Jesucristo.

Iniibig ninyo siya na hindi ninyo nakita, at hindi man ninyo nakita, nananalig pa rin kayo sa kanya at nagagalak kayo nang isang kasayahang di mahayag na taglay ang luwalhati. Nakakamtan na nga ninyo ang hangganan ng inyong pananampalataya: ang kaligtasan ng inyong kaluluwa.

**Ebanghelyo: Juan 20:19-31**

**A**gaw-dilim na noon sa unang araw na Aiyon ng sanlinggo at nakasara ang mga pinto sa kinaroroonan ng mga alagad dahil sa takot sa mga Judio, dumating si Jesus at pumagitna. At sinabi niya sa kanila: "Kapayapaan sa inyo!"

Pagkasabi nito, ipinakita niya sa kanila ang mga kamay at ang tagiliran. Kaya nagalak ang mga alagad pagkakita nila sa Panginoon.

At muli niyang sinabi sa kanila: "Kapayapaan sa inyo! Kung paanong isinugo ako ng Ama, ipinadadala ko rin kayo." At pagkasabi nito, hiningahan niya sila at sinabi: "Tanggapin ang Espiritu Santo! Patatawarin ang mga kasalanan ninuman na inyong patawarin; at pananatiliin naman sa sinuman ang inyong panatiliin."

Hindi nila kasama si Tomas na tinaguriang Kambal, na isa sa Labindalawa, nang dumating si Jesus. Kaya sinabi sa kanya ng iba pang mga alagad: "Nakita namin ang

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---


Panginoon!" Sinabi naman niya: "Maliban lamang na makita sa kanyang mga kamay ang tatak ng mga pako at maipasok ang aking daliri sa pinaglagusan ng mga pako at maipasok ang aking kamay sa tagiliran niya, hinding-hindi ako maniniwala!"

Makaraan ang walong araw, muling nasa loob ang kanyang mga alagad at kasama nila si Tomas. Dumating si Jesus habang nakasara ang mga pinto at pumagitna.

At sinabi niya: "Kapayapaan sa inyo!" At sinabi niya kay Tomas: "Ilapit mo rito ang daliri mo at tingnan ang aking mga kamay. At ilapit ang kamay mo at ipasok sa aking tagiliran at huwag tumangging maniwala kundi maniwala!"

Sumagot si Tomas sa kanya: "Panginoon ko at Diyos ko – ikaw!" Sinabi sa kanya ni Jesus: "Dahil ba sa nakita mo ako kaya ka naniniwala? Mapapalad ang mga hindi nakakita at naniniwala."

Ngayon, marami pang ibang tandang ginawa si Jesus sa harap ng kanyang mga alagad, na hindi naman nasusulat sa kasulatang ito. Isinulat naman ang mga ito upang maniwala kayo na si Jesus ang Kristo, ang Anak ng Diyos. At sa paniniwala ninyo'y magkaroon kayo ng buhay sa bisa ng kanyang Pangalan.



"Kapayapaan sa inyo!" Pagkasabi nito, ipinakita niya sa kanila ang mga kamay at ang tagiliran."

**EPISCOPAL ANNIVERSARY:** Most Rev. Teodoro C. Bacani, Jr.

#### **Pagmamasiid**

Anu-ano ang dahilan ng ating mga takot at pag-aalinlangan sa buhay?

#### **Paghahawi**

Nakasara ang pinto ng bahay na kinaroroonan ng mga alagad, dahil sa takot nila sa mga Judio. Dumating si Jesus, tumayo sa kalagitnaan nila, at sinabi: "Sumainyo ang kapayapaan." Wala noon si Tomas. Makalipas ang isang linggo, muling nagtipon ang mga alagad, kasama si Tomas. Pumasok si Jesus, at sinabi kay Tomas: "Huwag kang mag-alinlangan. Sa halip, maniwala ka."

#### **Pagtatabas**

Kailan natin naibahagi sa ating kapwa ang kapayapaang hatid ni Jesus?

#### **Pagsasaayos**

Kailangan naka-ugnay tayo kay Jesus, upang madama ang kapayapaang galing sa Diyos, at maibahagi ito sa ating kapwa. Kinailangan ni Tomas na makita si Jesus, bago siyang naniwala sa muling pagkabuhay ng Panginoon.

Sa takot at pag-aalinlangan, ating alalahanin at tawagin din ang Banal na Espiritu na nagbibigay nang tapang, lakas, at kaliwanagan.

#### **Pagdiriwang**

Panginoong Jesus, sa takot at pag-aalinlangan, tulungan Niyo kaming lumapit sa Inyo, at madama ang kapayapaang Inyong kaloob.

Lunes  
ABRIL 13



**IKA-2 LINGGO NG  
PASKO NG PAGKABUHAY**  
Salteryo: Linggo 2 / (Puti/Pula)  
*San Martin I*

**Salmo 2:1-3, 4-7a, 7b-9**  
*Mapalad ang may tiwala  
sa Panginoong Dakila.*

### Unang Pagbasa: Mga Gawa 4:23-31

#### Ebanghelyo: Juan 3:1-8

May isang taong kabilang sa mga Pariseo – Nicodemo ang pangalan niya – pinuno siya ng mga Judio. Isang gabi, pinuntahan niya si Jesus at sinabi sa kanya: “Rabbi, alam namin na guro kang galing sa Diyos. Sapagkat walang makagagawa ng mga tandang ginagawa mo kung hindi sumasakanya ang Diyos.”

Sumagot si Jesus sa kanya: “Talagang-talagang sinasabi ko sa iyo, walang makakita sa paghahari ng Diyos kung hindi siya isisilang na muli mula sa itaas.” Sinabi sa kanya ni Nicodemo: “Paano maisisilang

ang isang taong matanda na? Di ba’t hindi siya makapapasok sa sinapupunan ng kanyang ina para isilang uli?” Sumagot si Jesus: “Talagang-talagang sinasabi ko sa iyo, walang makapapasok sa kaharian ng Diyos kung hindi siya isisilang mula sa tubig at Espiritu. Laman ang isinilang mula sa laman, at espiritu ang isinilang mula sa Espiritu. Huwag kang magtaka dahil sinabi ko sa iyong kailangan kayong isilang mula sa itaas. Umihip ang hangin kung saan nito nais, at naririnig mo ang ihip nito pero hindi mo alam kung saan ito galing at kung saan ito patungo. Gayon din nga ang bawat isinilang mula sa Espiritu.”

#### Pagmamasid

May kailangan bang gawin upang makapasok ka sa isang lugar o samahan?

#### Paghahawi

Sagot ni Jesus kay Nicodemo, ang Pariseong puno ng mga Judio: “...walang makapapasok sa kaharian ng Diyos, kung hindi siya isisilang mula sa tubig at Espiritu. Laman ang isinilang mula sa laman, at espiritu ang isinilang mula sa Espiritu...kailangan kayong isilang mula sa itaas.

#### Pagtatabas

Isinilang ba ako sa tubig at Espiritu, at may pag-asang makapasok sa kaharian ng Diyos?

#### Pagsasaayos

Upang maging Katoliko, kailangan ng binyag. Binubuhasan tayo ng tubig sa ulo habang sinasabi ng pari: Binibinyagan kita sa ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo.

Mahalaga ang binyag upang makapasok sa kaharian ng Diyos. Ngunit samahan natin ng gawa. Mahalin natin ng lubos at tapat ang Diyos at gumawa ng kabutihan sa ating kapwa, hanggang sa huling sandali ng ating buhay sa mundo.

#### Pagdiriwang

Ama, maraming salamat na naisilang, naimulat, at nahubog akong Katoliko.

## IKA-2 LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

**Salmo 93:1ab, 1kd-2, 5**

*Panginoò'y naghari na!*

*Ang damit n'ya'y maharlika.*



*Martes*  
**14** ABRIL

### Unang Pagbasa: Mga Gawa 4:32-37

May iisang puso at diwa ang lahat ng mananampalataya; walang sinumang kumanya sa sarili niyang mga ari-arian kundi para sa lahat ang tanang meron sila. Nagpatotoo nang may dakilang kapangyarihan ang mga apostol tungkol sa Muling Pagkabuhay ng Panginoong Jesus at nadama nilang lahat ang kagandahang-loob ng Diyos. Walang maralita sa kanila; ipinagbili nga ng may lupa o bahay ang mga iyon, at inilagay sa paanan ng mga apostol ang pinagbilhan; at ipinamahagi naman iyon ayon sa pangangailangan ng bawat isa.

Ganito ang ginawa ni Jose na isang Levitang taga-Chipre, na tinawag na Bernabe (ibig sabih'y *Tagaaliw*) ng mga apostol. Ipinagbili niya ang kanyang bukid, at dinala at inilagay sa paanan ng mga apostol ang pera.

### Ebanghelyo: Juan 3:7b-15

**H**uwag kang magtaka dahil sinabi ko sa inyong kailangan kayong isilang mula sa itaas.

Umihip ang hangin kung saan nito nais, at naririnig mo ang ihip nito pero hindi mo alam kung saan ito galing at kung saan ito patungo. Gayon din nga ang bawat isinilang mula sa Espiritu."

Sumagot sa kanya si Nicodemo: "Paano pupuwede ang mga ito?" Sinabi sa kanya ni Jesus: "Ikaw ang guro ng Israel at hindi mo alam ang mga ito?"

Talagang-talagang sinasabi ko sa iyo: ang alam namin ang aming sinasabi at ang nakita namin ang aming pinatutunayan, at hindi naman n'yo tinatanggap ang aming patunay. Mga bagay na nga sa lupa ang sinasabi ko sa inyo at hindi kayo naniniwala, kaya paano kayo maniniwala kapag mga bagay sa langit ang sasabihin ko sa inyo. Walang umakyat sa langit maliban sa bumaba mula sa langit – ang Anak ng Tao.

At kung paanong itinaas ni Moises ang ahas sa disyerto, gayundin dapat itaas ang Anak ng Tao upang magkaroon ng buhay magpakailanman ang bawat nananalig sa kanya.

**SACERDOTAL ANNIVERSARY:** Rev. Fr. Jess B. Alesna, O. Carm

### Pagmamasiid

Paano ako nagtataas ng mabuting kapwa sa iba?

### Paghahawi

Wika ni Jesus: "Kung paanong itinaas ni Moises ang ahas sa disyerto, gayundin dapat itaas ang Anak ng Tao, upang magkaroon ng buhay magpakailanman ang bawat nananalig sa kanya."

### Pagtatabas

Naitataas ko ba ang Anak ng Tao sa aking pamilya, mga kaibigan, at mga kapwa nangangailan sa Kanya?

### Pagsasaayos

Nagkakapagtaas tayo ng mabuting tao sa iba, sa pamamagitan ng taos-pusong papuri sa kanyang mabuting katangian at ginagawa. Noong panahon ni Jesus, marangal na tawag ang Anak ng Tao. Ang tawag na ito, akma kay Jesus na Diyos Anak, dahil anak Siya ng Inang Maria, taong walang bahid na kasalanan.

Ang pagtaas ng ahas ni Moises, simbolo sa panunumpa ng mga doctor, gamit ang larawan ng dalawang ahas na nakapulupot sa isang patpat. Sa mga Griyego, sagrado ang ahas, dahil nagpapalit ito ng balat, tanda ng paggaling sa sakit at pagbabagong buhay. Itaas nating lagi si Jesus, ang Dakilang Manggagamot, Mahusay na Guro, Prinsipe ng Kapayapaan, at Manunubos ng sanlibutan.

### Pagdiriwang

Ama, nawa ang buhay namin araw-araw makapagtaas kay Jesus sa aming kapwa.

*Miyerkules*  
ABRIL **15**



**IKA-2 LINGGO NG  
PASKO NG PAGKABUHAY**  
Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

**Salmo 34:2-3, 4-5, 6-7, 8-9**  
*Panginoò'y naghari na!  
Ang damit n'ya'y maharlika.*

**Unang Pagbasa: Mga Gawa 5:17-26**

**Ebanghelyo: Juan 3:16-21**

**G**anito nga kamahal ng Diyos ang mundo!  
Kayat ibinigay niya ang kanyang bug-  
tong na anak upang hindi na mawala ang  
bawat nananalig sa kanya kundi magkaroon  
ng buhay magpakailanman.

Hindi nga sinugo ng Diyos sa mundo ang  
Anak upang hukuman ang mundo kundi  
upang maligtas ang mundo sa pamamagitan  
niya. Hindi hinuhukuman ang nananalig  
sa kanya. Ngunit hinukuman na ang hindi  
nananalig pagkat hindi siya nananalig sa  
Ngalan ng bugtong na Anak ng Diyos.

Ito ang paghuhukom: dumating sa  
mundo ang liwanag pero mas minahal pa  
ng mga tao ang karimlan kaysa liwanag  
sapagkat masasama ang kanilang gawa.  
Ang gumagawa ng masama'y napopoot  
nga sa liwanag at hindi lumalapit sa liwanag,  
at baka malantad ang kanyang mga gawa.  
Lumalapit naman sa liwanag ang gumagawa  
ng katotohanan upang mabunyag na sa  
Diyos ginagawa ang kanyang mga gawa.

**Pagmamasadid**

Anong nais mo, maliwanag o madilim? Bakit?

**Paghahawi**

Ganito nga kamahal ng Diyos ang mundo! Kayat ibinigay niya ang kanyang bugtong na anak upang  
hindi na mawala ang bawat nananalig sa kanya kundi magkaroon ng buhay magpakailanman...  
dumating sa mundo ang liwanag pero mas minahal pa ng mga tao ang karimlan kaysa liwanag  
sapagkat masasama ang kanilang gawa... Lumalapit naman sa liwanag ang gumagawa ng  
katotohanan upang mabunyag na sa Diyos ginagawa ang kanyang mga gawa.

**Pagtatabas**

Saan ginagawa ang kasamaan, sa liwanag o dilim?

**Pagsasaayos**

Karaniwan, nagagawa ang krimen sa dilim, dahil takot ang kriminal na makita ng pulis o taong  
magsusumbong sa nagawang masama. Sugo ng Ama ang Kanyang Anak na nagkatawang tao para  
sa ating lahat, upang maging liwanag sa kadiliman ng mundo. Tanda ito ng wagas na pagmamahal  
ng Ama sa sanlibutan, upang makamit nating lahat ang buhay na walang hanggan sa piling Niya.  
Lagi tayong lumapit at kumapit kay Jesus, ating Liwanag.

**Pagdiriwang**

Ama, lubos ang aming pasasalamat sa napakalaki at dalisay na pagmamahal Niyo sa aming lahat,  
na mismong Anak Niyo ang nagligtas sa aming lahat.

## **IKA-2 LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY**

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

**Salmo 34:2 at 9, 17-18, 19-20**

*Dukhang sa D'yos tumatawag  
ay kaniyang iniligtas.*



*Hawebes*  
**16** ABRIL

### **Unang Pagbasa: Mga Gawa 5:27-33**

Dinala nila sila at iniharap sa Sanhedrin, at tinanong sila ng Punong-pari. "Mahigpit namin kayong pinagbawalang magturo ng tungkol sa Pangalan o Pagliligtas na ito, pero pinuno ninyo ang Jerusalem sa inyong aral at hangad ninyo kaming papanagutin sa dugo ng lalaking iyan."

Sumagot naman si Pedro at ang ibang apostol: "Ang Diyos ang dapat sundin kaysa tao. Binuhay na muli ng Diyos ng ating mga ninuno si Jesus na pinatay ninyo at ibinitin sa poste. Itinaas siya ng Diyos sa kanyang kanan bilang Pinuno at Tagapagligtas upang maipagkaloob sa Israel ang pagbabagong-loob at ang kapatawaran ng mga kasalanan. Saksi kami sa lahat ng ito, pati ang Banal na Espiritu na ibinigay ng Diyos sa mga sumusunod sa kanya."

Pagkarinig nila nito, lubha silang nagalit at gusto nilang ipapatay ang mga apostol.

### **Ebanghelyo: Juan 3:31-36**

**W**alang kapantay ang naparirito mula sa itaas. Makalupa naman ang mula sa lupa at makalupa rin ang sinasabi niya. Walang kapantay ang naparirito mula sa langit. Pinatutunayan niya ang kanyang nakita at narinig ngunit wala ngang tumatanggap sa kanyang patunay. Pinagtibay naman ng tumanggap sa kanyang patunay na totoo ang Diyos. Sinasabi nga ng sinugo ng Diyos ang mga salita ng Diyos sapagkat walang sukat na ibinibigay sa kanya ang Espiritu. Mahal nga ng Ama ang Anak, at ipinagkatiwala sa kanyang mga kamay ang lahat. May buhay magpakailanman ang nananalig sa Anak. Hindi naman nakikita ng ayaw manalig sa Anak ang buhay kundi namamalagi sa kanya ang galit ng Diyos.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Aristeo M. De Leon

#### **Pagmamasisid**

May kilala ba kayo na walang kapantay ang pagmamahal niya sa isang tao?

#### **Paghahawi**

Pahayag ni Jesus: "Walang kapantay ang naparirito mula sa itaas o Langit... Mahal nga ng Ama ang Anak, at ipinagkatiwala sa kanyang mga kamay ang lahat. May buhay magpakailanman ang nananalig sa Anak."

#### **Pagtatabas**

Nanalig ba ako kay Jesus, bilang Anak ng Diyos, walang kapantay, nagmula sa Langit, at pinagkatiwalaan ng Ama ng lahat?

#### **Pagsasaayos**

Walang kapantay si Jesus, Diyos Anak at Manunubos ng sanlibutan, nagmula sa Langit, pangunahing Katiwala ng Ama sa lahat ng bagay. Buhay magpakailanman ang naghihintay sa tapat na tagasunod ni Jesus at nag sasabuhay ng mga turo at aral Niya. Sa araw-araw, piliin nating magmahal, magpatawad, at maglingkod gaya Niya.

#### **Pagdiriwang**

Ama, hindi kayo binigo ng Inyong Anak. Salamat at dahil sa Kanya, nakilala rin namin Kayo at ang Inyong walang hanggang pagmamahal sa aming lahat.

*Biyernes*

ABRIL

17



## IKA-2 LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

**Salmo 27:1, 4, 13-14**  
*Ang tanging aking mithii'y  
Pangino'o'y makapiling.*

### Unang Pagbasa: Mga Gawa 5:34-42

#### Ebanghelyo: Juan 6:1-15

**P**agkatapos nito, nagpunta si Jesus sa kabilang ibayo ng dagat ng Galilea sa may Tiberias. Sinusundan siya ng makapal na tao dahil napansin nila ang mga tandang ginagawa niya sa mga maysakit. Umahon si Jesus sa bundok at naupo siya roon kasama ang kanyang mga alagad. Malapit na ang Paskuwa na piyesta ng mga Judio.

Kaya pagkatunghay ni Jesus at pagkakita niyang marami ang taong pumupunta sa kanya, sinabi niya kay Felipe: "Saan kayo makabibili ng tinapay para makakain ang mga ito?" Sinabi niya ito bilang pagsubok sa kanya dahil alam na niya kung ano ang napipinto niyang gawin. Sumagot sa kanya si Felipe: "Dalawandaang denaryong tinapay ay hindi sapat sa kanila para makakuha ng tigkakaunti ang bawat isa."

At sinabi naman sa kanya ng isa sa kanyang mga alagad na si Andres na kapatid ni Simon Pedro: "May maliit na bata rito na may limang tinapay na sebada at dalawang isda. Ano ito para sa pagkarami-raming tao?"

Madamo sa lugar na iyon kaya sinabi ni Jesus: "Paupuin n'yo ang mga tao." Kaya nag-upuan sila, halos limanlibo ang mga lalaki.

Kaya kinuha ni Jesus ang mga tinapay at pagkapagpasalamat, at ipinabigay sa mga nakaupo. Gayundin naman sa mga isda – gaano man ang gustuhin nila. Nang busog na sila, sinabi niya sa kanyang mga alagad: "Tipunin ninyo ang natirang mga piraso para walang masayang." Kaya tinipon nila ang mga tira ng mga pinakain, at labindalawang bakol ang napuno ng mga pira-piraso mula sa limang tinapay na sebada.

Pagkakita sa tandang ginawa ni Jesus, sinabi ng mga tao: "Ito ngang talaga ang Propeta parating sa mundo." At alam ni Jesus na parating sila upang agawin siya para gawing hari kaya lumigpit siyang muli na siya lamang mag-isa sa bulubundukin.

**SACERDOTAL ANNIVERSARY:** Rev. Fr. Carmelo A. Caluag

#### Pagmamasisid

May nakita o naranasan ka na bang himala o kababalaghan? Paano ito nakaapekto sa iyong pananampalataya?

#### Paghahawi

Nang makita ng mga tao ang ginawa ni Jesus, ang pagpapakain sa mahigit limang libong katao gamit lamang ang limang tinapay at dalawang isda, at may natira pa, sila'y namangha at nagsabi: "Ito ngang talaga ang Propetang parating sa mundo!"

#### Pagtatabas

Propeta lang ba ang turing ko kay Jesus? Nakikita ko ba Siya bilang higit pa rito?

#### Pagsasaayos

Noong panahon ni Jesus, propeta ang tawag sa mga taong gumagawa ng himala at nagpapahayag ng mensahe mula sa Diyos. Kaya't nang makita ng mga tao ang kamangha-manghang pagpapakain, tinawag nila Siyang propeta.

Tatlo ang misyon ni Jesus: Hari ng kaharian ng Diyos, Tunay na Pari na tagapamagitan sa Diyos at tao, at Propeta na tagapagdala ng Salita ng Diyos. Higit sa lahat, Siya ang Anak ng Diyos at Tagapagligtas ng sanlibutan. Higit sa lahat, Siya ang Anak ng Diyos at Tagapagligtas ng sanlibutan. Hindi sapat na kilalanin lamang Siya bilang propeta; dapat nating tanggapin ang kabuuan ng Kanyang pagka-Diyos at misyon.

#### Pagdiriwang

Panginoong Jesus, pinupuri at pinasasalamatan ka namin sa pag-alay mo ng lyong buhay para sa kaligtasan naming lahat.

## IKa-2 LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

**Salmo 33:1-2, 4-5, 18-19**

*Poon, pag-asa ka naming,  
pag-ibig mo'y aming hiling.*



*Sabado*  
**18** ABRIL

### Unang Pagbasa: Mga Gawa 6:1-7

Nang panahong iyon na dumarami ang mga alagad, nagreklamo ang mga Helenista laban sa mga Hebreo dahil napapabayaang pang-araw-araw na pamamahagi ng pagkain ang kanilang mga biyuda.

Kaya pinulong ng Labindalawa ang mga alagad at sinabi: "Hindi magiging wasto na pabayaang namin ang Salita ng Diyos para mamahala sa pagkain. Pumili kayo ngayon, mga kapatid, ng pitong lalaki mula sa inyo, na may magandang pangalan, puspos ng Espiritu at karunungan, at itatalaga namin sila sa tungkuling ito. Ilalaan naman namin ang aming sarili sa panalangin at pangangaral ng Salita."

Sumang-ayon ang buong kapulungan at pinili nila si Esteban na isang lalaking puno ng pananampalataya at ng Banal na Espiritu, at sina Felipe, Procoro, Nicanor, Timon, Parmenas at Nicolas na taga-Antiokiya, na naakit noon sa Judaismo. Iniharap nila sila sa mga apostol na matapos manalangin ay nagpatong ng kamay sa kanila.

Lumaganap nga ang Salita ng Diyos at mabilis na dumami ang bilang ng mga alagad sa Jerusalem, at maraming pari ang tumanggap sa pananampalataya.

### Ebanghelyo: Juan 6:16-21

**N**ang magtakipsilim na, lumusong sa Naplaya ang kanyang mga alagad, at pagkasakay sa bangka ay nagpakabilang-ibayo ng dagat pa-Capernaum. Dumilim na at wala pa sa kanila si Jesus: at magalaw ang dagat sa malakas na ihip ng hangin.

Pagkasagwan nila nang may lima o anim na kilometro, napansin nilang naglalakad si Jesus sa dagat at palapit sa bangka. Nasindak sila. Ngunit sinabi niya sa kanila: "Ako siya; huwag kayong matakot."

Nang isasakay na nila sa bangka, bigla namang nasa pampang na na pupuntahan nila ang bangka.

### Pagmamasiid

Ano ang mga hadlang sa hindi ko pagsunod sa isang taong nag-uutos sa akin?

### Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga alagad: "Ako Siya; huwag kayong matakot".

### Pagtatabas

Ano ang hamon sa tapat na pagsunod kay Jesus? Paano ko haharapin ito?

### Pagsasaayos

Mahirap tanggalin at kalimutan ang masamang ugali o maling paniniwala, kung bahagi na ito ng ating buhay araw-araw. Pinapayuhan tayo ni Jesus na huwag matakot harapin ang ating kahinaan. Gamitin ito at maging daan upang kumapit sa Kanya. Hindi Niya tayo bibiguin. Magtiwala tayo sa Kanya. Hayaan natin si Jesus na sumakay sa bangka ng ating buhay. Ang Kanyang turo at pangaral ang gabay sa ating paroroonan, upang mamuhay tayo sa liwanag ng katotohanan.

### Pagdiriwang

Ama, salamat sa Inyong Anak na si Jesus na laging nagbibigay sa amin ng liwanag at pag-asa, upang mamuhay ng may kapayapaang mula sa Inyo.

Linggo  
ABRIL 19



**IKA-3 LINGGO NG  
PASKO NG PAGKABUHAY**  
Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

**Salmo 16:1-2, 5, 7-8, 9-10, 11 (11a)**  
*Ipakita sa akin Panginoon,  
ang landas ng Buhay.*

**Unang Pagbasa:**  
**Mga Gawa 2:14, 22-33**

Kaya tumayo si Pedro kasama ng Labing-isa, nagsalita nang malakas at sinabi: “Mga taga-Judea, at lahat kayong nasa Jerusalem ngayon, unawain ninyo ang nangyari at pakinggan ang aking sasabihin.

Mga Israelita, pakinggan ninyo ang sasabihin ko! Ipinadala ng Diyos si Jesus na taga-Nazaret na pinatutunayan ng mga himala, kababaghan at tanda na ginawa ng Diyos sa pamamagitan niya sa piling ninyo tulad ng alam na ninyo. Pinapahirapan at ipinapatay nga ninyo siya sa mga pagano at ito’y nangyari sa takdang pasya ng Diyos na alam na ang lahat ng ito sa mula’t mula pa. Ngunit binuhay siyang muli ng Diyos at pinalaya sa mga gapos ng kamatayan sapagkat hindi ito maaaring makapangyari sa kanya. Sinabi nga ni David: *Nakita kong lagi sa aking harap ang Panginoon. Nasa kanan ko siya upang ako’y di maligalig. Kayat nagalak ang aking puso at humiyaw sa tuwa ang aking dila; at pati katawan ko’y hihimlay sa pag-asa na hindi mo ako pababayaan sa Lugar ng Mga Patay at hindi ipahihintulot na dumanas ng pagkabulok ang iyong Banal. Itinuro mo sa akin ang mga daan ng buhay, pupuspusin mo ako ng tuwa sa iyong harapan.*

Mga kapatid, hindi mapag-aalinlanganang patay na at inilibing ang patriyarkang si David; naririto sa atin ang kanyang libingan hanggang ngayon. Ngunit isa siyang propeta at alam niyang nangako ang Diyos sa kanya na isa sa kanyang inapo ang luluklok sa kanyang trono. Kaya nakita niya at nangusap siya tungkol sa Muling Pagkabuhay ng Mesias: *hindi siya pina-bayaan sa lugar ng mga patay, at hindi dumanas ng pagkabulok ang kanyang katawan.*

Si Jesus ang Mesias na ito at saksi kaming lahat na binuhay siyang muli ng Diyos. Matapos siyang itaas ng kanang kamay ng Diyos, tinanggap niya sa Ama ang ipinangakong Espiritu Santo. At kabubuhos lamang niya nito ngayon gaya ng nakikita ninyo at naririnig.

**Ikalawang Pagbasa: 1 Pedro 1:17-21**

Tinatawag ninyong Ama ang humahatol nang walang pagtatangi sa ginawa ng bawat isa, kayat mamuhay kayong may banal na pagkatakot habang nangingibang-bayan kayo. Alalahanin na tinubos kayo mula sa walang kabuluhan pamumuhay na galing sa inyong mga ninuno, hindi ng lumilipas na pilak at ginto, kundi ng mahalagang dugo ni Kristo, ang korderong walang dungis at kapintasan. Itinadhana siya ng Diyos bago pa likhain ang sanlibutan at ibinunyag naman alang-alang sa inyo sa mga huling araw na ito. Dahil sa kanya, sumasampalataya kayo sa Diyos na muli siyang ibinangon mula sa mga patay at niluwalhati nang sumampalataya nga kayo at umasa sa Diyos.

**Ebanghelyo: Lucas 24:13-35**

**N**ang araw ring iyon, dalawa sa mga alagad ang naglalakad pa-Emmaus na isang nayong mga labinlimang kilometro mula sa Jerusalem. Pinag-uusapan nila ang mga nangyari. Sa kanilang pag-uusap at pagtatalakayan, lumapit si Jesus at nakisabay sa paglakad nila pero parang may kung anong hadlang sa kanilang mga mata at hindi nila siya nakilala.

Tinanong niya sila: “Ano ba ang pinag-uusapan ninyo sa daan?” Tumigil silang mukhang malungkot. Sumagot ang isa sa kanila na nagngangalang Cleofas: “Bakit, mukhang ikaw lang ang kaisa-isahan sa Jerusalem na di alam ang mga nangyari roon nitong mga ilang araw?”

---

---

---

---

---

Itinanong niya: “Ano?” Sumagot sila: “Tungkol kay Jesus na taga-Nazaret. Sa paningin ng Diyos at ng buong baya’y isa siyang propetang makapangyarihan sa gawa at salita. Ngunit isinakdal siya ng aming mga punong-pari at mga pinuno para mahatulang mamatay at ipinako siya sa krus. Umaasa pa naman kaming siya ang tutubos sa Israel ngunit ikatlong araw na ngayon mula nang mangyari ang lahat ng ito.


Sa totoo’y ginulat kami ng ilang babaeng kasama namin. Maaga silang pumunta sa libingan pero hindi nila nakita ang kanyang katawan kaya dumating sila at sinabi sa amin na nakakita pa raw sila ng aparisyon ng mga anghel na nagsabi sa kanila na buhay siya. Nagpunta rin sa libingan ang ilan sa amin at natagpuan nga nila ang sinasabi ng mga babae pero hindi nila siya nakita.”

Sinabi sa kanila ni Jesus: “Mga hindi makaunawa at mapupurol ang isip para maniwala sa lahat ng ipinahayag ng mga propeta. Di ba’t kailangang magdusa nang ganito ang Mesiyas bago pumasok sa kanyang Luwalhati?” At sinimulan niyang ipaliwanag sa kanila ang lahat ng sinasabi ng Kasulatan tungkol sa kanya, mula kay Moises hanggang sa lahat ng Propeta.

Nang malapit na sila sa nayong pupuntahan nila, parang magpapatuloy pa siya ng paglakad. Pero pinilit nila siya: “Manatili kang kasama namin dahil dapithapon na at lumulubog na ang araw.” Kaya pumasok siya at sumama sa kanila. Nang nasa hapag na siyang kasalo nila, kumuha siya ng tinapay, nagpuri at piniraso ito at ibinigay sa kanila.

At noo’y nabuksan ang kanilang mga mata at nakilala nila siya, at nawala siya sa kanilang paningin. Nag-usap sila: “Hindi ba’t nag-aalab ang ating puso nang kinakausap niya tayo sa daan at ipinaliliwanag sa atin ang mga Kasulatan?”

Noon di’y tumayo sila at nagbalik sa Jerusalem. Nakita nila roon na magkakasama ang Labing-isa at ang iba nilang kasamahan. Sinabi ng mga iyon sa kanila: “Totoo ngang binuhay ang Panginoon at napakita siya kay Simon.” At isinalaysay naman nila ang nangyari sa daan at kung paano nila siya nakilala sa pagpipiraso ng tinapay.



“Mga hindi makaunawa at mapupurol ang isip para maniwala sa lahat ng ipinahayag ng mga propeta.”

**BIRTHDAY:** Rev. Fr. Rowil S. Remo, ESHT

### **Pagmamasiid**

May pagkakataon ba na nanghihina ako sa aking paniniwala tungkol sa isang bagay o tao?

### **Paghahawi**

Sinabi ni Jesus sa dalawang alagad: “Mga hindi makaunawa at mapupurol ang isip para maniwala sa lahat ng ipinahayag ng mga propeta. Di ba’t kailangang magdusa nang ganito ang Mesiyas bago pumasok sa kanyang Luwalhati?”

### **Pagtatabas**

Ano ang dahilan bakit minsan humihina ang aking pananampalataya? Ano ang maaring gawin ko?

### **Pagsasaayos**

Hindi madaling limutin ang sarili upang sumunod kay Jesus. Isang desisyon ito araw-araw na may kaakibat na sakripisyo. Ugaliin nating lumapit sa Kanya at kausapin sa ating panalangin lalo na sa Banal na Eukaristiya.

Patuloy tayong tinuturuan ni Jesus ng Kanyang salita at pinapakain ng Kanyang katawan, upang patuloy tayong makibahagi ng Kanyang buhay, at panibaguhin ang ating pag-asa at pagmamahal sa pagsunod sa Kanya. Si Jesus, ang Muling Nabuhay, ang bukal ng ating pananampalataya.

### **Pagdiriwang**

Ama, salamat sa biyaya ng Muling Pagkabuhay. Tulungan Niyo kaming bumangon muli, at yakapin ang bagong buhay na puno ng pag-asa.

Lunes  
ABRIL 20

**IKA-3 LINGGO NG  
PASKO NG PAGKABUHAY**  
Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

**Salmo 119:23-24, 26-27, 29-30**  
*Mapalad ang sumusunod  
sa utos ng Poong Diyos.*

**Unang Pagbasa: Mga Gawa 6:8-15**

**Ebanghelyo: Juan 6:22-29**

**K**inabukasan napuna ng mga taong nakatayo sa kabilang ibayo ng dagat na dati'y walang ibang bangka doon kundi isa lang at hindi sumakay sa bangka kasama ng kanyang mga alagad si Jesus kundi ang kanyang mga alagad lamang ang magkakasamang umalis. May iba namang malalaking bangkang galing Tiberias na dumating malapit sa lugar na kinainan nila ng tinapay pagkapagpasalamat ng Panginoon. Kaya nang mapuna ng mga tao na wala roon si Jesus ni ang kanyang mga alagad, sumakay sila sa mga bangka at nagpa-Capernaum sa paghanap kay Jesus.

Nang matagpuan nila siya sa kabilang ibayo ng dagat, sinabi nila sa kanya, "Rabbi, kailan ka dumating?"

Sumagot sa kanila si Jesus at sinabi: "Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, hinahanap n'yo ako hindi dahil sa nakita n'yo sa pamamagitan ng mga tanda kundi dahil sa tinapay na kinain n'yo at nabusog kayo. Magtrabaho kayo, hindi nga para sa pagkaing nasisira kundi para sa pagkaing namamalagi hanggang buhay na magpakailanman. Ito ang ibibigay sa inyo ng Anak ng Tao, siya nga ang tinatakan ng Diyos Ama."

Kaya sinabi nila sa kanya: "Ano ang mata-trabaho namin para maisagawa ang mga gawa ng Diyos?" Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila: "Ito ang gawa ng Diyos: patuloy kayong manalig sa sinugo niya."

**SACERDOTAL ANNIVERSARY:** Rev. Fr. Jose P. Casas, Jr.

**Pagmamasid**

Kadalasan, kapag may pagkaing ayuda si Mayor na ibinibigay, sino ang nangunguna sa pila?

**Paghahawi**

Payo ni Jesus sa mga tao: "Magtrabaho kayo, hindi nga para sa pagkaing nasisira kundi para sa pagkaing namamalagi hanggang buhay na magpakailanman. Ito ang ibibigay sa inyo ng Anak ng Tao, siya nga ang tinatakan ng Diyos Ama."

**Pagtatabas**

Ano ang gagawin ko, upang makakuha rin ng pagkaing namamalagi hanggang buhay na magpakailanman?

**Pagsasaayos**

Pagkain ang pangunahing pangangailangan natin. Paano ang pangangailangan nating espirituwal? Kailangan nating lumapit kay Jesus, ang Anak ng Tao at Diyos, na isinugo ng Ama para sa ating lahat. Siya ang bukal ng kabutihan at kabanalan. Maglaan tayo ng oras na makinig ng Kanyang salita, dahil sabi Niya: "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos."

**Pagdiriwang**

Panginoong Jesus, patuloy Niyo kaming hubugin ng Inyong pagmamahal at salita, upang makasama kami sa mga may pagkaing namamalagi sa buhay na walang hanggan.

## IKa-3 LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

San Anselmo

**Salmo 31:3kd-4, 6 at 7b at 8a, 17 at 21ab**

*Sa iyong mga kamay, O Panginoon,  
ipinagkatiwala ko ang akong espiritu.*



*Martes*  
**21** ABRIL

**Unang Pagbasa: Mga Gawa 7:51—8:1a\***

**Ebanghelyo: Juan 6:30-35**

**K**aya sinabi nila sa kanya: “At anong tanda ang matatrabaho mo para makita nami’t maniwala kami sa iyo? Ano ba’ng gawa mo? Kumain ng manna sa disyerto ang aming mga ninuno ayon sa nasusulat: Binigyan sila ng tinapay mula sa langit at kumain sila.

Kaya sinabi ni Jesus sa kanila: “Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay mula sa Langit; ang Ama ko ang nagbibigay sa inyo ng totoong tinapay mula sa Langit. Ang tinapay ng Diyos ang pumapanaog mula sa Langit at nagbibigay-buhay sa mundo.” Kaya sinabi nila sa kanya: “Lagi n’yo pong ibigay sa amin ang tinapay na ito.”

Sinabi ni Jesus sa kanila: “Ako siyang tinapay ng buhay. Hinding-hindi magugutom ang lumalapit sa akin at hinding-hindi mauuhaw kailanman ang nananalig sa akin.

---

---

---

---

---

---

---

---

### PARISH FIESTA:

Cathedral Shrine and Parish of the Good Shepherd | Parokya Ng Mabuting Pastol

### Pagmamasisid

Bakit kaya pinipili natin ang ating kinakain?

### Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga tao: “Ako siyang tinapay ng buhay. Hinding-hindi nagugutom ang lumalapit sa akin at hinding-hindi nauuhaw kailanman ang nananalig sa akin.”

### Pagtatabas

Paano ba tayo busugin ni Jesus?

### Pagsasaayos

May dalawang uri ng pagkagutom: Ang gutom pangkatawan na maari mong lunasan ng paborito mong pagkain sa hapag kainan. Ang espirituwal na gutom, malulunasan sa hapag ng Diyos. Inaanayahan tayo ni Jesus sa Kanyang hapag kainan, ang Banal na Eukaristiya. Inihain Niya sa atin ang tunay na pagkain, ang Kanyang katawan at dugo.

Maglaan tayo ng oras tuwing Linggo upang dumalo sa salu-salong inihanda ni Jesus para sa atin, dahil ang sinumang makikisalo at tumatanggap sa Kanya, magkakaroon ng bagong pag-asa na bumubuhay sa ating ugnayan sa Kanya at sa isa’t isa.

### Pagdiriwang

Ama, maraming salamat na ibinigay Niyo si Jesus sa amin na naghain ng Kanyang sarili bilang tunay na pagkain ng sanlibutan. Mapalapit nawa kami sa Iyo sa pamamagitan Niya. Amen.

*Miyerkules*  
ABRIL **22**



**IKA-3 LINGGO NG  
PASKO NG PAGKABUHAY**  
Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

**Salmo 66:1-3a, 4-5, 6-7a**  
*Sangkalupaang nilalang,  
galak sa Poo'y isigaw.*

### **Unang Pagbasa: Mga Gawa 8:1b-8**

Sang-ayon si Saulo sa pagpatay kay Esteban. Kaya iyon ang naging simula ng matinding pag-uusig sa Iglesya sa Jerusalem, at maliban sa mga apostol, nagsipangalat ang lahat sa mga rehiyon ng Judea at Samaria.

Inilibing si Esteban ng ilang lalaking makadiyos at labis siyang ipinagluksa. Sinikap naman ni Saulo na wasakin ang Iglesya. Nagbahay-bahay siya at kinaladkad ang mga lalaki at babae at ibinilanggo.

Ngunit ipinangaral ng mga nangalat ang Salita saanman sila pumunta. Para kay Felipe, pumunta siya sa isang lunsod ng Samaria at ipinangaral sa kanila ang Kristo. Sama-samang dumating ang mga tao sa pangangaral ni Felipe at pinanabikan nilang makita ang mga himalang gawa niya. Maraming inaalihan ng masasamang espiritu ang nagsisigaw at nilisan ng masamang espiritu at marami ring paralitiko at lumpo ang gumaling. Kaya nagkaroon ng malaking kaligayahan sa lunsod na iyon.

### **Ebanghelyo: Juan 6:35-40**

Sinabi ni Jesus sa kanila: “Ako siyang tinapay ng buhay. Hinding-hindi magugutom ang lumalapit sa akin at hinding-hindi mauuhaw kailanman ang nananalig sa akin. Pero sinabi ko sa inyo: nakita n’yo, at hindi naman kayo naniniwala.

Lalapit sa akin ang bawat ibinigay sa akin ng Ama, at hinding-hindi ko ipagtatabuyan sa labas ang lumalapit sa akin. Sapagkat pumanaog ako mula sa Langit hindi para gawin ang aking kalooban kundi ang kalooban ng nagpadala sa akin.

Ito ang kalooban ng nagpadala sa akin: na huwag kong pabayaang mawala ang bawat ibinigay niya sa akin; sa halip ay itatayo ko ito sa huling araw. Ito nga ang kalooban ng Ama ko: magkakaroon ng buhay magpakailanman ang bawat pumapansin sa Anak at nananalig sa kanya, at itatayo ko siya sa huling araw.”

**SACERDOTAL ANNIVERSARY:** Rev. Fr. Sander D. Niez

### **Pagmamaisid**

Maraming tungkulin ang kailangang gawin, ngunit ano ang dahilan bakit natin ginagawa ang isang bagay?

### **Paghahawi**

Wika ni Jesus: “...pumanaog ako mula sa Langit hindi para gawin ang aking kalooban kundi ang kalooban ng nagpadala sa akin.”

### **Pagtatabas**

Ginagawa ko ba ang isang bagay sapagkat kalooban ito ng Diyos?

### **Pagsasaayos**

Minsan, ang mahirap gawin ang siya pa ngang nakakabuti at kailangan natin—dahil ito ang Kalooban ng Ama para sa atin. Nais ng Diyos na maging masaya tayo at magkaroon ng kabuluhan ang ating buhay. Mangyayari ito kung susundin natin ang Kanyang plano.

Higit pa sa ating naiisip ang plano ng Diyos. Kaya’t matuto tayong isantabi ang pansariling gusto upang maisakatuparan ang Kanyang kalooban at ang ikabubuti ng kapwa. Maaaring mahirap at masakit ito, ngunit ito ang daan tungo sa tunay na buhay, ang buhay na walang hanggan.

### **Pagdiriwang**

Ama, maraming salamat sa mabuting halimbawa ni Jesus sa pagtupad Niya ng Iyong Kalooban. Imulat Niyo sa amin na matatagpuan ang tunay na kaligayahan sa piling Niyo.

## IKA-3 LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 3 / (Puti/Pula)

San Jorge / San Adalberto

Salmo 66:8-9, 16-17, 20

Sangkalupaang nilalang,  
galak sa Poo'y isigaw.



*Huwebes*  
**23** ABRIL

### Unang Pagbasa: Mga Gawa 8:26-40\*

#### Ebanghelyo: Juan 6:44-51

**W**alang makalalapit sa akin kung hindi siya aakitin ng Amang nagpadala sa akin. At itatayo ko siya sa huling araw. Nasusulat sa Mga Propeta: Tuturuan nga silang lahat ng Diyos. Kaya lumalapit sa akin ang bawat nakarinig at tinuruan ng Ama.

Wala ngang nakakita sa Ama liban sa kanya na galing sa Diyos; siya ang nakakita sa Diyos. Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, may buhay magpakailanman ang naniniwala.

Ako siyang tinapay ng buhay. Kumain nga ng manna sa disyerto ang inyong mga ninuno at nan gamatay pa rin. Narito naman ang tinapay na pumapanaog mula sa Langit, upang makakain nito ang sinuman at di mamatay. Ako siyang tinapay na buhay, na pumanaog mula sa Langit. Kung may kakain ng tinapay na ito, mabubuhay siya magpakailanman. At ang laman ko ang tinapay na aking ibibigay alang-alang sa ikabubuhay ng mundo.

---

---

---

---

---

---

---

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Renie C. Villalino, OAR

#### Pagmamasiid

Ano-ano ang karaniwang kinakain mo upang manatiling malusog at humaba ang buhay? Paano mo pinangangalagaan ang iyong katawan at ang iyong kaluluwa?

#### Paghahawi

Pahayag ni Jesus: "Ako ang siyang tinapay na buhay, na pumanaog mula sa Langit. Kung may kakain ng tinapay na ito, mabubuhay siya magpakailanman. At ang laman ko ang tinapay na aking ibibigay, alang-alang sa ikabubuhay ng mundo."

#### Pagtatabas

Tinatanggap mo ba si Jesus bilang Tinapay ng Buhay? Paano mo Siya pinapakain sa iyong puso, isipan, at pamumuhay?

#### Pagsasaayos

Ibinigay ni Jesus ang Kanyang sarili, ang Kanyang buhay upang mailigtas tayo at magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sa bawat Komunyon, kung hindi mabigat ang ating kasalanan at taos-pusong nagsisisi, natatanggap natin ang dakilang biyaya: si Jesus mismo, ang Tinapay ng Buhay.

Hindi lamang sa altar ang pagtanggap kay Jesus, kundi sa araw-araw: sa ating pakikinig, pagsunod, at pagmamahal sa kapwa. Sa Kanya, nagkakaroon ng tunay na kahulugan at walang hanggang pag-asa ang ating buhay.

#### Pagdiriwang

Panginoong Jesus, maraming salamat at patuloy namin Kayong kasama, tuwing ibinibigay Niyo ang Inyong laman sa Komunyon sa bawat Misa na aming dinadaluhan.

*Biyernes*  
ABRIL **24**



**IKA-3 LINGGO NG  
PASKO NG PAGKABUHAY**  
Salteryo: Linggo 3 / (Puti/Pula)  
*San Fidel ng Sigmaringen*

**Salmo 117:1bk, 2**  
*Humayot't dalhin sa tanan,  
wMabuting Balitang aral.*

### **Unang Pagbasa: Mga Gawa 9:1-20\***

#### **Ebanghelyo: Juan 6:52-59**

**K**aya nagtalu-talo ang mga Judio at nagsalita: "Paano tayo mabibigyan ng taong ito ng laman para kainin?" Sinabi naman ni Jesus sa kanila: "Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, kung hindi n'yo kakanin ang laman ng Anak ng Tao at iinum ang kanyang dugo, wala kayong buhay sa inyong sarili. May buhay magpakailanman ang ngumunguya ng aking laman at umiinom ng aking dugo, at itatayo ko siya sa huling araw.

Sapagkat totoong pagkain ang aking laman at totoong inumin ang aking dugo. Ang ngumunguya ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay namamalagi sa akin at ako naman sa kanya. Sinugo nga ako ng Amang buhay at buhay ako dahil sa Ama, gayundin naman dahil sa akin mabubuhay ang ngumunguya sa akin. Ito ang tinapay na pumanaog mula sa Langit, hindi gaya sa inyong mga ninuno na kumain at nangamatay pa rin. Mabubuhay naman magpakailanman ang ngumunguya ng tinapay na ito."

Sinabi niya ang mga bagay na ito sa sinagoga habang nangangaral siya sa Capernaum.

#### **Pagmamasiid**

Mayroon ka bang natatanging pagkain na palagi mong hinahanap-hanap? Isang pagkaing hindi lang nagpapabusog, kundi tila nagbibigay ng aliw, lakas, o koneksyon sa isang mahalagang alaala?

#### **Paghahawi**

Sa Ebanghelyo, sinabi ni Jesus: "Totoong pagkain ang aking laman, at totoong inumin ang aking dugo. Ang ngumunguya ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananatili sa akin, at ako sa kanya. Sinugo ako ng Amang buhay, at ako'y nabubuhay dahil sa Ama; gayundin, ang kumakain sa akin ay mabubuhay dahil sa akin."

#### **Pagtatabas**

Bilang Katoliko, naniniwala ba ako na totoong pagkain ang laman ni Jesus, at totoong inumin ang Kanyang Dugo?

#### **Pagsasaayos**

Kasama sa pananampalataya ng Katoliko na malaking daluyan ng biyaya ng Diyos at napakalapit na ugnayan kay Jesus na ituring at tanggapin ang laman Niya bilang totoong pagkain, at ang Kanyang dugo, bilang totoong inumin.

Sa Banal na Komunion sa Misa, natatanggap ang hostiya, katawan ni Jesus, at kung minsan, pati na ang Kanyang dugo, sa anyo ng alak. Nararapat na tanggapin natin ang katawan at dugo ni Jesus nang may pagpipitagan.

#### **Pagdiriwang**

Paginoong Jesus, malaking biyaya sa amin ang paghilom ng aming kaluluwa tuwing tinatanggap namin ang Inyong banal na katawan at dugo sa Komunion.

## KAPISTAHAN NI SAN MARCOS, MANUNULAT NG MABUTING BALITA

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 89:2-3, 6-7, 16-17

Pag-ibig mong walang maliw  
ay lagi kong sasambitin.



### Unang Pagbasa: 1 Pedro 5:5b-14

At kayong mga talubata, pasakop kayo sa Matatanda. Makitungo kayong lahat sa isa't isa nang may mababang kalooban *sapagkat tinututulan ng Diyos ang mga palalo ngunit nagbibigay sa mga mapagpakumbaba.*

Kaya nga, magpakumbaba kayo at mapasailalim ng mabigat na kamay, upang itaas niya kayo sa takdang panahon. Ipaubaya ninyo sa kanya ang lahat ninyong kabalisan: siya nga ang nagmamalasakit sa inyo. Magpigil kayo sa sarili at maglamay sapagkat aali-aligid ang diyablo na inyong kaaway at gaya siya ng umaatungal na leong humahanap ng masisila. Labanan ninyo siya na matatag sa pananampalataya; alam ninyo na dumaranas din ng gayong kahirapan ang mga kapatid ninyo sa buong sanlibutan. Tinawag kayo ng Diyos, ang bukal ng kahit anong kaloob, upang ibahagi kay Kristo ang walang-hanggang kaluwhatian. Sa pagtitiis ninyo nang kaunti, kayo'y gagawing ganap ng Diyos, patitibayin, palalakasin at patatatagin magpasawalang-hanggan. Sa kanya ang kapangyarihan magpakailanman. Amen.

Ipinasulat ko ang maikling liham na ito kay Silas na itinuturing kong tapat na kapatid.

Ginusto kong pasiglahin kayo at sabihan na tunay na kaloob ng Diyos ang mga nangyayaring ito. Dito kayo magpakatatag. Binabati kayo ng kapatirang nasa Babilonia na hinirang na kasama ninyo. Binabati rin kayo ng anak kong si Marcos. Magbatian kayo ng halik ng pagmamahal. Ang kapayapaan ay sumainyong lahat na nakay Kristo.

### Ebanghelyo: Marcos 16:15-20

**A**t sinabi sa kanila: "Pumunta kayo sa buong daigdig at ipahayag ang ebanghelyo sa buong sangkinapal. Maliligtas ang maniniwala at magpapabinyag; hahatulan naman ang di maniniwala. At ito ang mga tandang sasama sa mga maniniwala: magpapalayas sila ng mga demonyo sa aking Pangalan, magsasalita sila sa iba pang mga wika, hahawakan nila ang mga ahas, at di sila maaano kung iinom man sila ng may lason. Ipatatong nila ang kanilang kamay sa mga maysakit at gagaling ang mga iyon."

Matapos silang kausapin ng Panginoong Jesus, *iniakyat siya sa langit at lumuklok sa kanan ng Diyos.* At umalis sila at nangaral sa lahat ng lugar. Kasama nilang gumagawa ang Panginoon at pinatatatag ang Salita sa tulong ng mga tandang kasama nila.

#### Pagmamasid

Naipapahayag ko ba ang Mabuting Balita sa aking kapwa?

#### Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga alagad, "Pumunta kayo sa buong daigdig at ipahayag ang ebanghelyo sa buong sangkinapal." ...nangaral sa lahat ng lugar. Kasama nilang gumagawa ang Panginoon at pinatatatag ang Salita sa tulong ng mga tandang kasama nila.

#### Pagtatabas

Bilang tagasunod ni Jesus, nararanasan mo rin ba ang kakulangan ng lakas ng loob sa pagbabahagi ng Salita ng Diyos?

#### Pagsasaayos

Marami sa atin ang masigasig sa pagdarasal at pagsisimba, ngunit nahihirapan ibahagi ang natutunan mula sa Misa sa kapwa. Manalangin tayo sa Espiritu Santo para sa lakas ng loob at tapang na magpahayag ng pananampalataya.

Maaaring mahirap sa simula, ngunit sa tulong ng grasya ng Diyos, nagiging mas madali ito sa patuloy na pagsasabuhay. Magbasa at pag-aralan ang Ebanghelyo upang mas lumalim ang ating pagkilala kay Jesus at sa Kanyang kabutihan.

#### Pagdiriwang

Banal na Espiritu Santo, gabayan at samahan Niyo kami sa pagkilala kay Jesus at sa Ama, upang maisabuhay at maibahagi sa kapwa ang kanilang mga salita at aral.

## Unang Pagbasa: Mga Gawa 2:14a, 36-41

Kaya tumayo si Pedro kasama ng Labing-isa, nagsalita nang malakas at sinabi:

“Mga taga-Judea, at lahat kayong nasa Jerusalem ngayon, unawain ninyo ang nangyayari at pakinggan ang aking sasabihin.

Dahil dito, alaming mabuti ng buong Israel na ginawa ng Diyos na Panginoon at Kristo ang Jesus na ito na ipinako ninyo."

Nang marinig ito ng mga naroon, lubhang nabagabag ang kanilang kalooban, at sinabi nila kay Pedro at sa ibang mga apostol: “Ano ang gagawin namin, mga kapatid?” Sumagot si Pedro: “Magsisi kayo, at pabinyag ang bawat isa sa Ngalan ni Jesucristo upang mapatawad ang inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob na Espiritu Santo. Sapagkat para sa inyo at sa inyong mga anak ang pangako, at sa lahat ng nasa malayo na tatawagin din ng Panginoon nating Diyos.”

Nagpatuloy siyang magbigay-patotoo sa iba pang pananalita at hiniling sa kanila: “Iligtas ninyo ang inyong sarili sa masamang lahing ito.” Kaya bininyagan ang mga tumanggap sa sinabi ni Pedro. Mga tatlong libo ang nadagdag sa kanilang bilang nang araw na iyon.

## Ikalawang Pagbasa: 1 Pedro 2:20b-25

Anong kabutihang magtiis ng mga hampas dahil sa kasalanan? Ngunit kung parusahan kayo pagkagawa ng mabuti, kabutihan sa paningin ng Diyos ang inyong pagtitiiis.

Ito ang bokasyon ninyo; alalahanin na nagtiis si Kristo alang-alang sa inyo. Nagbigay siya ng halimbawa sa inyo at dapat ninyong sundin ang kanyang mga hakbang. *Hindi siya nagkasala at walang kasinungalingan sa kanyang bibig.* Hindi niya ginagantihan ng alipusta ang nag-aalipusta sa kanya; hindi niya binantaan ang nagpahirap sa kanya kundi ipinaubaya ang sarili sa matuwid humatol. Ang ating mga kasalanan ang pinasan niya at taglay ng kanyang katawan sa krus upang makaalis tayo sa kasalanan at mamuhay sa kabanalan. Pinagaling tayo ng kanyang mga sugat. Pagkat para kayong *mga tupang naligaw* noon, ngunit ngayo'y bumalik kayo sa Pastol at Tagapag-alaga ng inyong mga kaluluwa.


## Ebanghelyo: Juan 10:1-10

**"T**alagang-talagang sinasabi ko sa inyo, magnanakaw at tulisan ang hindi dumaraan sa pintuan pagpasok sa kulungan ng mga tupa kundi lumukso sa ibang dako.

Ang pastol ng mga tupa ang pumapasok sa pintuan. Pinagbubuksan siya ng bantay-pinto, at nakikinig ang mga tupa sa kanyang tinig. At tinatawag niya sa pangalan ang sarili niyang mga tupa at inaakay palabas. Kapag napalabas na niya ang tanang kanya, sa harap nila siya naglalakad at sa kanya sumusunod ang mga tupa, pagkat kilala nila ang kanyang tinig. Hinding-hindi sila susunod sa dayuhan kundi lalayuan nila ito sapagkat hindi nila kilala ang tinig ng mga dayuhan.”

Ito ang talinhagang sinabi ni Jesus sa kanila. Ngunit hindi nila naintindihan ang gusto niyang sabihin sa kanila.

Kaya sinabi uli ni Jesus: “Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo: Ako siyang pintuan ng mga tupa. Magnanakaw at tulisan ang lahat ng nauna sa akin. Ngunit hindi sila pinakinggan ng mga tupa. Ako siyang pintuan; kung may pumapasok sa pamamagitan ko, maliligtas siya, at papasok at labas, at makakatagpo ng pastulan. Hindi dumarating ang magnanakaw kundi para lamang magnakaw, pumaslang at magpahamak. Dumating naman ako upang magkaroon sila ng buhay at lubos na magkaroon nito.



“Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, magnanakaw at tulisan ang hindi dumaraan sa pintuan pagpasok sa kulungan ng mga tupa kundi lumukso sa ibang dako.”

**BIRTHDAY:** Rev. Fr. Eleno G. Tepace

**DATE OF ESTABLISHMENT:** 1993, Jesus, Lord of Divine Mercy Parish, Mapayapa

#### **Pagmamaisid**

Sa araw-araw, napapalibutan tayo ng sari-saring tinig, mga paanyaya ng kasaganaan, kalayawan, at kaginhawahan. Ngunit sa dami ng tinig na ito, alin ba ang tunay na nagbibigay ng buhay? Alin ang nag-aakay sa atin patungo sa kabutihan?

#### **Paghahawi**

Sa Ebanghelyo, inilarawan ni Jesus ang ugnayan ng pastol at ng kanyang mga tupa: Tinatawag niya sa pangalan ang sarili niyang mga tupa, at inaakay palabas. Kapag napalabas na niya ang tanang kanya, sa harap nila siya naglalakad, at sa kanya sumusunod ang mga tupa, pagkat kilala nila ang kanyang tinig.

#### **Pagtatabas**

Tunay ba akong tagasunod ni Jesus, kung naririnig ko ang Kanyang tinig? Sumusunod ba ako sa Kanyang mga aral?

#### **Pagsasaayos**

Maging mapanuri tayo at mag-ingat sa maraming tinig na ating naririnig. Magkaroon tayo ng malalim na ugnayan sa ating Pastol, ang Panginoong Jesus. Siya ang magbibigay sa atin ng proteksyon, gabay, at tunay na kasaganaan at kaligayahan. Iwasang malililang ng makamundong tinig, at sundan nating lagi ang Kanyang tinig.

#### **Pagdiriwang**

Ama, gabayan Niyo kami, upang marinig at masundan lagi ang tinig ng ng Inyong Anak, ang aming Mabuting Pastol.

Lunes  
ABRIL 27

**IKa-4 NA LINGGO NG  
PASKO NG PAGKABUHAY**  
Salteryo: Linggo 4 / (Puti)

**Salmo 42:2-3; 43:3-4**  
*Aking kinasabikan  
ang Diyos na nabubuhay.*

**Unang Pagbasa: Mga Gawa 11:1-18\***

**Ebanghelyo: Juan 10:11-18**

**A**ko siyang mabuting pastol. Nag-aalay ang kanyang buhay alang-alang sa mga tupa ang mabuting pastol. Ang upahan at hindi pastol, na hindi naman kanya ang mga tupa, pag napansin niyang dumarating ang asong-gubat, iniiwan niya ang mga tupa at tumatakas. Kayat inaagaw ng asong-gubat ang mga ito at pinangangalat. Sapagkat upahan siya at wala siyang pakialam sa mga tupa.

Ako siyang mabuting pastol. Kilala ko ang mga akin at kilala ako ng mga akin, kung paanong kilala ako ng Ama at kilala ko ang Ama. At itinayo ko ang aking buhay para sa mga tupa." May iba akong mga tupa na di mula sa kulungang ito. Maging sila ay kailangan kong akayin palabas, at makikinig sila sa tinig ko at magkakaroon ng iisang kawan, iisang pastol. Kaya mahal ako ng Ama dahil itinataya ko ang aking buhay, at saka muli ko itong kukunin. Walang nag-aalis nito sa akin, kundi ako ang kusang nagtataya nito. May kapangyarihan akong itayo ito, at may kapangyarihan akong kunin itong muli. Ito ang utos na tinanggap ko mula sa aking Ama."

**Pagmamasiid**

Kanino ka lumalapit sa gitna ng nararanasang hirap at kagipitan sa buhay?

**Paghahawi**

Pahayag ni Jesus: "Ako siyang mabuting pastol. Kilala ko ang mga akin at kilala ako ng mga akin, kung paanong kilala ako ng Ama, at kilala ko ang Ama. Itinayo ko ang aking buhay para sa mga tupa...May iba akong mga tupa na di mula sa kulungang ito. Maging sila kailangan kong akayin papasok, at makikinig sila sa tinig ko, at magkakaroon ng iisang kawan, iisang pastol."

**Pagtatabas**

Kilalang-kilala tayo ni Jesus, ngunit gaano natin kilala Siya, ang ating Mabuting Pastol?

**Pagsasaayos**

Tunay ngang napakabuti ng ating Pastol. Ginagabayan, sinusubaybayan, at nililingap Niya tayo. Hinding-hindi Niya tayo pinababayaan sa harap ng anumang pagsubok at suliranin. Maaasahan ang kalinga Niya. Ibahagi natin ang kabutihan ng ating Dakilang Pastol sa ating mga kapwa, upang maging Pastol din nila Siya.

**Pagdiriwang**

Panginoong Jesus, aming Mabuting Pastol. Manatili nawa kami sa Inyong kawan hanggan sa muling sandali namin sa lupa.

## IKa-4 NA LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 4 / (Puti/Pula)

*San Pedro Chanel /*

*San Louis Maria ng Montfort*

**Salmo 87:1b-3, 4-5, 6-7**

*Purihin ng tanang bansa,  
ang Panginoong Dakila.*



*Martes*  
**28** ABRIL

### Unang Pagbasa: Mga Gawa 11:19-26

#### Ebanghelyo: Juan 10:22-30

**P**iyesta ng Pagtatalaga sa Jerusalem, taglamig noon. Palakad-lakad si Jesus sa Templo sa patyo ni Solomon, at pinaligiran siya ng mga Judio at sinabi sa kanya: “Hanggang kailan mo ba kami ibibitin? Kung ikaw ang Kristo, sabihin mo sa amin nang lantaran.”

Sinagot sila ni Jesus: “Sinabi ko na sa inyo pero hindi kayo naniniwala. Nagpapatunay tungkol sa akin ang mga gawang tinatrabaho ko sa ngalan ng aking Ama. Ngunit hindi kayo naniniwala sapagkat hindi kayo kabilang sa aking mga tupa.

Dinidinig ng aking mga tupa ang aking tinig at kilala ko sila, at sumusunod sila sa akin. Buhay magpakailanman ang ibinibigay ko sa kanila at hinding-hindi sila kailanman mapapahamak ni walang aagaw sa kanila mula sa kamay ko. Mas dakila sa anuman ang ibinigay sa akin ng aking Ama, at walang makaaagaw mula sa kamay ng Ama. Iisa kami: ako at ang Ama.”

---

---

---

---

---

**SACERDOTAL ANNIVERSARY:** Rev. Fr. John Nathan Maagma, OFMConv.

#### Pagmamasid

Meron ka bang pinuno na pakiramdam mo ligtas ka sa kapahamakan sa piling niya?

#### Paghahawi

Sa Ebanghelyo, tinanong si Jesus kung Siya nga ba ang Mesiyas.

Ang tugon Niya ay malinaw: “Sinabi ko na sa inyo, ngunit hindi kayo naniniwala, sapagkat hindi kayo kabilang sa aking mga tupa.”

#### Pagtatabas

Kabilang ba ako sa tupa ni Jesus, at lubos ang paniniwala at tiwala ko sa Kanya?

#### Pagsasaayos

Ang ating mabubuting salita at gawa ang nagpapatotoo na kabilang tayo sa kawan ni Jesus. Sa bawat pagsubok, nararanasan natin ang pagmamahal at awa ng Mabuting Pastol. Sa panalangin, lalo na sa pangalan ni Jesus, nararanasan natin ang kapangyarihan ng Ama.

Sa piling ng Mabuting Pastol, walang makakaagaw sa atin sapagkat nasa kamay tayo ni Jesus at sa kamay ng Ama.

#### Pagdiriwang

Panginoong Jesus, nagtitiwala kami sa kabutihan Niyo at kaligtasan naming lahat na tupa Niya sa kapahamakan. Nawa lagi naming marinig at maisabuhay ang iisang tinig Niyo ng Ama, patungo sa buhay na walang hanggan.

*Miyerkules*  
ABRIL **29**



**IKA-4 NA LINGGO NG  
PASKO NG PAGKABUHAY**  
Salteryo: Linggo 4 / (Puti)  
*Santa Catalina ng Siena*

**Salmo 67:2-3, 5, 6 at 8**  
*Nawa'y magpuri sa iyo  
ang lahat ng mga tao.*

**Unang Pagbasa:**  
**Mga Gawa 12:24—13:5a**

Patuloy namang lumago at lumaganap ang Salita ng Diyos. Bumalik sina Bernabe at Saulo mula sa Jerusalem pagkatapos ng kanilang misyon. Isinama nila si Juan na tinatawag ding Marcos.

May mga propeta at mga guro sa Iglesya sa Antiokiya: sina Bernabe, Simeong binan-sagang Negro, Lucio ng Cirene, Mana-hem na lumaking kasama ng tetrarkang si Herodes, at si Saulo. Kasalukuyan silang sumasamba sa Panginoon at nag-aayuno nang magsalita ang Espiritu Santo: "Ibukod ninyo sa akin sina Bernabe at Saulo para sa gawaing itinakda ko sa kanila." Pagkapag-ayuno nila't pagkapanalangin, pinatungan nila sila ng kamay at pinaalis.

Sugo sila ng Espiritu Santo, at bumaba sila pa-Seleucia, at mula roo'y naglayag pa-Ciprus. Pagdating nila sa Salamina, ipinangaral nila ang salita ng Diyos sa mga sinagoga ng mga Judio. Kasama nila si Juan bilang katulong.

**Ebanghelyo: Juan 12:44-50**

**M**alakas namang sinabi ni Jesus: "Ang nananalig sa aki'y hindi sa akin kundi sa nagpadala sa akin. Ang pumapansin sa aki'y pumapansin sa nagpadala sa akin."

Dumating ako na liwanag sa mundo upang hindi mamalagi sa dilim ang bawat nananalig sa akin. Kung may nakakarinig sa aking mga salita at hindi ito iniingatan, hindi ako ang humahatol sa kanya sapagkat dumadating ako hindi para hatulan ang mundo kundi para iligtas ang mundo.

May humahatol sa bumabale-wala sa akin at di tumatanggap sa mga pananalita ko. Ang salitang ipinangusap ko ang siyang hahatol sa kanya sa huling araw. Sapagkat hindi ako nangusap sa ganang sarili ko; ang nagpadala sa akin – ang Ama – siya mismo ang nag-utos sa akin kung ano ang sasabihin ko at ipangungusap. Alam kong buhay mag-pakailanman ang kanyang utos. Kaya ang ipinangungusap ko'y ipinangungusap ko gaya ng sinabi sa akin ng Ama.

**Pagmamaisid**

Naniwala ka ba sa sinasabi ng isang kapwa dahil isinugo siya ng taong iginagalang mo? Ganyan din ang paanyaya ni Jesus na manalig sa Kanya bilang isinugo ng Ama.

**Paghahawi**

Sa Ebanghelyo, malinaw ang paliwanag ni Jesus: "Ang nananalig sa akin, hindi sa akin, kundi sa nagpadala sa akin. Ang pumapansin sa akin, pumapansin sa nagpadala sa akin. Dumating ako na liwanag sa mundo, upang hindi mamalagi sa dilim ang bawat nananalig sa akin."

**Pagtatabas**

Naniniwala ba ako na kumikilos sa aking buhay ang Diyos Ama sa pamamagitan ni Jesus?

**Pagsasaayos**

Sinabi ni Jesus na walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan Niya. Malinaw ang ugnayan ng Ama at Anak. Ipinadala si Jesus ng Ama, upang ipahayag ang Kanyang salita. Ang salita ng Ama, salita ni Jesus. Si Jesus ang gabay, ang ating Liwanag sa dilim. Sa bawat pagtanggap natin kay Jesus, tinatanggap natin ang Ama.

Sa bawat pagsunod sa Kanyang salita, lumalapit tayo sa liwanag ng kaligtasan.

Si Jesus ang ating Liwanag sa gitna ng dilim ang daan, ang katotohanan, at ang buhay.

**Pagdiriwang**

Subaybayan Niyo po kami, Panginoong Jesus, aming Liwanag sa dilim.

## IKa-4 NA LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY

Salteryo: Linggo 4 / (Puti)

San Pio V

**Salmo 89:2-3, 21-22, 25 at 27**

*Pag-ibig mong walang maliw  
ay lagi kong sasambitin.*



*Huwebes*  
**30** ABRIL

### Unang Pagbasa: Mga Gawa 13:13-25\*

(...) Kaya tumindig si Pablo at sumenyas para tumahimik sila. At sinabi niya: "Mga Israelita at kayo ring mga may-takot sa Diyos, makinig kayo. Hinirang ng Diyos ng ating bayang Israel ang ating mga ninuno, at pinasagana ang kanilang sambayanan nang nasa Ehipto sila. Inilabas niya sila mula sa bansang iyon sa kanyang dakilang kapangyarihan. Apatnapung taon niya silang pinakain sa disyerto. At matapos wasakin ang pitong lahi sa lupain ng Kanaan, ipinamana niya sa kanyang bayan ang lupa ng mga ito. Naganap ang lahat ng ito sa loob ng mga apatnapung taon. Pagkatapos ay binigyan niya sila ng mga hukom hanggang kay Propeta Samuel. At humingi naman sila ng hari at ibinigay sa kanila ng Diyos si Saulo na anak ni Cis, mula sa tribu ng Benjamin, na apatnapung taong naghari. Matapos siyang alisin ng Diyos, ibinigay naman niya sa kanila si David bilang hari, at ito ang patotoo ng Diyos sa kanya: *Natagpuan ko si David na anak ni Jesse, lalaking malapit sa aking puso, isasagawa niya ang kalooban ko.*

Mula sa lahi ni David, nagpalitaw ang Diyos sa Israel ng Tagapagligtas, tulad ng kanyang ipinangako. Ito si Jesus. (...)

### Ebanghelyo: Juan 13:16-20

**T**alagang-talagang sinasabi ko sa inyo, walang aliping mas dakila sa kanyang panginoon, ni walang sinugong mas dakila sa nagpadala sa kanya. Kung alam ninyo ito, mapalad kayo kung isinasagawa n'yo ang mga ito.

Hindi kayong lahat ang tinutukoy ko. Kilala ko ang mga hinirang ko. Ngunit kailangang maganap ang Kasulatan: Ang nakikisalo sa aking pagkai'y tumalapid sa akin." Sinasabi ko ito ngayon sa inyo bago pa mangyari upang maniwala kayong Ako Nga kapag nangyari ito.

Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo: ako ang tinatanggap ng tumatanggap sa ipinadadala ko, at ang nagpadala sa akin ang tinatanggap ng tumatanggap sa akin."

#### Pagmamasiid

Sa ating parokya, meron bang lingkod layko na kung kumilos parang mas mataas sa ating kura paroko?

#### Paghahawi

Winika ni Jesus na walang aliping mas dakila sa kanyang panginoon, at walang sinugong mas dakila sa nagpadala sa kanya.

#### Pagtatabas

Paano ako kumilos bilang isang lingkod?

#### Pagsasaayos

Wala na tayong taong tinatawag na alipin, hindi tulad ng panahon ni Jesus. Ang kura paroko, bilang pinuno ng ating parokya, narapat na igalang bilang pinuno, at sundin ang mga hiling na makakabuti sa karamihan at espirituwal na buhay ng parokya. Iwasang masilaw sa pagiging pinunong layko, dahil lahat tinatawag maging lingkod ng Diyos sa ating Simbahan. Ang mabuting lingkod mababa ang loob at tapat sa paggawa ng kanyang tungkulin, sa pamumuno ng kura paroko.

#### Pagdiriwang

Ama, turuan Niyo kaming maging tunay Niyong lingkod. Pagkalooban Niyo kami ng biyaya ng kababaang-loob at malasakit sa kapwa.